THE

# PURPLE BOOK

## FILIPINO

FOR STUDY PURPOSES

FOR STUDY PURPOSES

THE

# PURPLE BOOK

Patatagin sa Salita | **Unang Bahagi**

**FILIPINO**

FOR STUDY PURPOSES

RICE BROOCKS
STEVE MURRELL

FOR STUDY PURPOSES

**THE PURPLE BOOK (FILIPINO)**

Karapatang Pag-aari © 1998-2020 ni Rice Broocks, Phil Bonasso, at Steve Murrell
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Unang edisyon 1998 bilang BIBLICAL FOUNDATIONS
Inilathala ng Every Nation Productions
P.O. Box 3793 Makati City, CPO 1277 Philippines
Email: productions@everynation.org.ph

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.
Walang anumang bahagi ng lathalaing ito ang maaaring kopyahin,
elektroniko man o hindi, kabilang ang pagkopya sa pamamagitan ng potokapi,
kekorder, at iba pang makinarya nang walang pormal na nakasulat na pahintulot
mula sa EVERY NATION PRODUCTIONS.

Ang lahat ng sipi ay mula sa Salita ng Dios®
Karapatang Pag-aari ©2010 ng Biblica®
Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas

# NILALAMAN

PAUNANG SALITA ..... vii

1 KASALANAN AT KALIGTASAN ..... 1

2 PAGKAPANGINOON AT PAGSUNOD ..... 15

3 PAGSISISI AT BAUTISMO ..... 27

4 ANG BANAL NA ESPIRITU AT MGA ESPIRITUWAL NA KALOOB ..... 41

5 ANG KAGUTUMANG ESPIRITUWAL AT ANG SALITA NG DIYOS ..... 51

6 PAGDIDISIPULO AT PAMUMUNO ..... 61

7 ESPIRITUWAL NA PAMILYA AT BUHAY IGLESYA ..... 75

8 PANANALANGIN AT PAGSAMBA ..... 89

9 PANANAMPALATAYA AT PAG-ASA ..... 101

10 KASAGANAAN AYON SA BIBLIYA AT PAGKAMAPAGBIGAY ..... 113

11 PAGPAPALAGANAP NG SALITA NG DIYOS AT MISYON SA MUNDO ..... 123

12 MULING PAGKABUHAY AT PAGHUHUKOM ..... 135

FOR STUDY PURPOSES

FOR STUDY PURPOSES

# PAUNANG SALITA

Ang sinumang naghahangad ng pinakamabuti para sa kanilang buhay ay kinakailangang magsimula sa pagtatatag ng matibay na pundasyon. Sinabi ito ni Jesus sa Kanyang pahayag na, *"Sasabihin ko sa inyo kung ano ang kahalintulad ng taong lumalapit sa akin, nakikinig at sumusunod sa mga sinasabi ko: Katulad siya ng isang taong humukay nang malalim at nagtayo ng bahay sa pundasyong bato. Nang bumaha at dinaanan ng malakas na agos ang bahay, hindi iyon nayanig dahil matibay ang pagkakatayo."* (Lucas 6:47,48). Ipinakita niya ang kaibahan ng matalinong lalaki sa isang hangal na nakarinig subalit hindi isinagawa ang narinig at natagpuan ang sarili na nakatira sa bahay na gawa sa buhangin.

Ang ginawa ng dalawang lalaki ay parehong dumaan sa pagsubok na dala ng mga unos ng buhay—mga bagyo na mas lalo pang dumadalas at dumarami dito sa mundong walang katiyakan. At dito sa tunay na buhay na *Survivor*, isang tao lamang ang natitira. Ang malaking bilang ng mga nasira o kaya ay tuluyang nawasak na mga buhay sa iglesya ay patotoo na may masidhing pangangailangan na muling magtatag ng mga matitibay na pundasyon.

Mga ilang taon na ang nakalipas, isang grupo ng mga estudyante ang isinama ko sa isla ng Guam para sa isang *evangelistic outreach*. Sa pag *check-in* ko sa *hotel*, binigay sa 'kin ang numero ng silid, na sa huli ay nagsilbing isang *prophetic sign*. *"Sir,"* sabi ng tagapangasiwa habang iniaabot sa 'kin ang susi, *"your room is 911."* Biniro ako ng lahat sa pagsabing matatanggap ko ang lahat ng tawag ng kagipitan o biglaang pangangailangan.

Makalipas ang dalawang araw, isa sa pinakamalakas na lindol ng siglong ito—8.2 sa *Richter scale*—ang yumanig sa isla. Ang mas masaklap pa dito ay tumagal ito ng nakapangingilabot na animnapung segundo. Sa loob ng silid 911, tila sumabog ang

FOR STUDY PURPOSES

mundo. Ang telebisyon ay humagis sa sahig. Sa pagkalabog nang malakas, ang salaming pinto ay nagkabasag-basag sa milyon-milyong piraso.

Tumakbo kami papunta sa *fire exit* subalit nakita namin na naharangan na ang daan. Dahil wala na kaming ibang mapupuntahan, tumayo na lamang kami sa balkonahe, habang hinihintay lumipas ang isa sa pinaka-nakakatakot na minuto ng buhay namin. Sa bawat pagyanig ay mas naiisip namin na tiyak na guguho na ang gusali. Malapit na kaming mamatay!

Habang pakiramdam namin ay nahahati na ang *hotel* sa dalawang bahagi, bigla na lamang huminto ang lahat ng paggalaw. Nakahanap kami ng daan palabas at nakalabas nga kami sa kalsada habang kumakanta ng papuri sa ating Diyos. Wala pa akong nakita na mga taong nanonood sa amin na mas mapagpakumbaba pa sa mga tao doon nang oras na 'yon at hindi pa naging mas madali para sa akin ang magbahagi tungkol sa Panginoon sa mga hindi ko kakilala!

Nang sumunod na araw, umikot kami sa isla upang alamin ang naging pinsala ng lindol. Ang isa sa mga imahe na nangibabaw ay ang bagong tayo na *hotel* na malapit nang magiba. Dalawa sa mga palapag nito ay tuluyang natibag at ang naiwang bahagi ng gusali ay nakatagilid na gaya ng Tore ng Pisa. Bago ang lindol, mukha itong maayos at matatag na gusali. Subalit ipinakita ng lindol kung ano ba talaga ang kondisyon nito sa kabila ng nakikita na panlabas nitong anyo. Dahil sa mahinang pundasyon nito, kailangan nang gibain ang buong gusali.

Laking pasasalamat namin na ang mga inhinyero na nagdisenyo ng aming *hotel* ay hindi gumawa ng katulad na pagkakamali. Bagama't gumugol sila ng mas maraming oras at pera, isinaalang-alang nila ang katotohanan na sila ay nagtatayo ng gusali sa isang lugar na madalas makaranas ng lindol, at sila ay nagdisenyo ng pundasyon na naaayon dito.

May isang mahalagang aral dito para sa ating lahat. Tayo rin ay nabubuhay sa *fault line*. Tinutulak tayo ng kasalanan gaya ng mga

FOR STUDY PURPOSES

*tectonic plates*. Mula sa Gitnang Silangan hanggang sa ating mga paaralan—sa lahat ng lugar—makikita natin ang malawak na pagbabago. Kung nais natin na magkaroon ng buhay na matatag na nakakatayo, hindi maaring kung anu-ano na lamang ang ating pundasyon.

> *". . . dahil wala nang pundasyong maaari pang ilagay maliban sa nailagay na, at ito'y walang iba kundi si Jesu-Cristo."*
>
> 1 CORINTO 3:11

Kailangan nating maghukay nang malalim at gibain ang anumang laban kay Cristo. Kailangan nating makinig sa Kanyang mga salita—lalo na sa mga bagay na may kinalaman sa pundasyon ng pananampalataya—at sumunod dito.

Ang aklat na nasa iyong mga kamay ay magtuturo sa iyo ng iba't ibang dakilang pundasyon ng katotohanan. Tutulong ito upang bigyang buhay ang mga salita ni Apostol Pablo na kaniyang ibinahagi sa isang batang lalaki na naghahangad din na makapagtatag ng kanyang buhay sa bato.

> 16 *Lahat ng Kasulatan ay isinulat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, at mapapakinabangan sa pagtuturo ng katotohanan, pagsasaway, pagtutuwid, at sa pagsasanay sa matuwid na pamumuhay,* 17 *para maging handa sa lahat ng mabubuting gawa ang naglilingkod sa Diyos.*
>
> 2 TIMOTEO 3:16,17

Karamihan sa atin ay gusto lamang makarinig ng pagtuturo, ngunit ayaw nating mapagalitan o mapagsabihan. Gayunpaman, ang katotohanan ay ang pagtanggap na ang pagdidisiplina ang naghihiwalay sa mga nagwawagi at sa mga talunan. Walang ibang paraan upang maging handa para sa mabuting gawa—o sa mabuti kundi ang hayaan ang malalim na pagkilos ng Salita ng Diyos sa ating mga buhay. At walang ibang paraan upang maging isang disipulo kundi ang tumanggap ng pagdidisiplina. Sino ba ang nakabalita tungkol sa isang atleta, sundalo, musikero,

FOR STUDY PURPOSES

o siyentipiko na hindi dumaan sa mahigpit na pagsasanay at pagdidisiplina? Gayon din ang nararapat sa mga anak ng liwanag.

Tayo ay nabubuhay sa isa sa pinakadakilang panahon sa kasaysayan ng iglesya. Ang teknolohiya ay naglalapit sa mga tao sa mundo at nagbibigay ng pag-asa na magagawa na nating maabot ang bawat bayan, tribo, at wika sa pamamagitan ng ebanghelyo. Subalit kasama sa malaking pagkakataong ito ang mas malaki pang responsibilidad. Lubos na mahalaga na ang pananampalataya na ating ipinahahayag ang siya rin nating ipinamumuhay—sa kabuuan ng kapangyarihan at kaluwalhatian nito na bumabago ng buhay at ng bayan.

Ang sinaunang iglesya ay nagpabago ng mundong kanilang ginalawan. Nagawa nilang abutin ang maraming tao ng walang ginagamit na *jet, computers,* at *Internet*—kahit nga *sound system* ay wala sila! Ang malakas na nangusap para sa kanila ay ang kanilang mga buhay. Nakita ng tao ang kapangyarihan ni Cristo na baguhin ang mga lalaki at babae na iniwan ang lahat upang sumunod sa Kanya. Ang mga *fault lines* na nakalatag sa kabuuan ng Emperyo ng Roma at ang lahat ng mga lindol (maging literal man o espirituwal) na dumaan ay sumubok sa kanilang pundasyon at tumulong sa kanila na tumayo nang matatag kahit pa bumabagsak ang lahat sa kanilang paligid.

Tayo ay manalangin para sa pagdating ng isang bagong henerasyon na mangangakong ibibigay ang lahat, at gagawin ang kanilang bahagi upang ibalik ang mundo sa katuwiran.

Dr. Rice Broocks
Cofounder, Every Nation

FOR STUDY PURPOSES

# 1 KASALANAN AT KALIGTASAN

Nang pasimula, nilikha ng Diyos ang langit at ang mundo.

GENESIS 1:1

Nilikha ang lahat ng bagay sa pamamagitan niya, at walang anumang nalikha nang hindi sa pamamagitan niya.

JUAN 1:3

Sapagkat sa pamamagitan niya, at para sa kanya, nilikha ang lahat ng nasa langit at nasa mundo, ang nakikita pati rin ang di-nakikita, katulad ng mga espiritung naghahari at namamahala, mga espiritung namumuno at may kapangyarihan.

MGA TAGA-COLOSAS 1:16

FOR STUDY PURPOSES

Ang daigdig, sangkatauhan, at lahat ng nakikita natin sa ating paligid ay may simula.

Inihayag ng Diyos na ang lahat ng bahagi ng paglikha Niya ay mabuti, hanggang sa likhain Niya ang unang tao, si Adan, at sabihin na hindi mabuti para sa kanya ang mag-isa.

Dahil dito, nilikha si Eva, ang unang babae, at ang kauna-unahang mag-asawa ay binigyan ng lahat ng ikasisiya nila. Tanging ang bunga lamang ng isang puno ang ipinagbawal sa kanila: ang “puno ng kaalaman ng kabutihan at kasamaan.”

Ang napakabigat na desisyon na kanilang nagawa at ang nakapanlulumong bunga nito ay naka-apekto sa kasaysayan ng buong sangkatauhan. Ipapasa ng sangkatauhan ang napakalaking pagkakamaling ito, ang panloob na kasamaan, sa lahat ng henerasyon. Ang kapangyarihan ng kasamaan at kadiliman ay mananaig kung hindi namagitan ang Diyos.

Ang Kanyang planong kaligtasan, ang pagpapalaya sa kapangyarihan ng kasamaan, ay nagsimulang makita doon mismo sa Halamanan ng Eden. **Ito** ang pangunahing kwento ng buong Bibliya.

## UNANG ARALIN

### ANG ORIHINAL NA KWENTO

1. Ano ang larawan ng paglikha ng Diyos sa simula? Genesis 1

   v. 10 ____________________

   v. 12 ____________________

   v. 18 ____________________

   v. 21 ____________________

   v. 25 ____________________

2. Ilan ang utos na ibinigay ng Diyos kina Adan at Eva?

   Genesis 2:17 ____________________

3. Ano ang iniutos ng Diyos sa mga unang tao?

   Genesis 2:16,17 ____________________

   ____________________

Basahin ang Genesis 3:1-13 upang malaman ang mga sumunod na nangyari.

4. Ano ang naging tugon nina Adan at Eva sa utos ng Diyos?

   Genesis 3:6,7 ____________________

FOR STUDY PURPOSES

5. Sa iyong palagay, iba kaya ang iyong magiging tugon?

_______________________________________________

Isipin kung saan tinangkang ilayo ng Diyos sina Adan at Eva: sa kaalaman ng kasamaan. Sinong mapagmahal na mga magulang ang hindi gagawin ang lahat ng maaaring gawin upang ilayo ang kanilang mga anak mula sa mga mapanganib na materyal, sa telebisyon, *Internet*, o kung ano man?

6. Sino ang nanukso kay Eva?

   Genesis 3:1 _______________________________________

Ang pagkain nina Adan at Eva ng ipinagbawal na bunga ay katumbas ng pagsabi sa Diyos na "Hindi Ka namin kailangan, maging ang mga utos mo." Sila ay sumuway sa Diyos. Sila ay **nagkasala**.

7. Ano ang naging tugon nina Adan at Eva nang malaman nila na sila ay hubo't hubad? Genesis 3:7-10

   v.7 _______________________________________________

   _______________________________________________

   v.8 _______________________________________________

   v.10 ______________________________________________

8. Bakit kaya ito ang naging tugon nila?

   _______________________________________________

   _______________________________________________

9. Paano tumugon ang Diyos sa kasalanan nila Adan at Eva?

   Genesis 3:8,9 _____________________________________

Pansinin ang dalawang magka-ibang tugon sa kasalanan ng sanlibutan:

- Ang sanlibutan ay nagtago sa Diyos.
- Hinanap ng Diyos ang sanlibutan.

FOR STUDY PURPOSES

Ang mga bagay na ito ay hindi masyadong nagbago magmula noon. Matapos ang libu-libong taon at pagdating ng bilyon-bilyong tao, ang mga tao ay nagtatago pa rin sa Diyos—at hinahanap pa rin sila ng Diyos. Ito ang simula upang maintindihan ang kaligtasan.

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

FOR STUDY PURPOSES

## IKALAWANG ARALIN

### ANG BUNGA NG KASALANAN

Ang pagsuway sa Diyos ay kasalanan. Ang isa sa mga kahulugan ng kasalanan ay ang "sumablay," gaya ng hindi pagtama sa bagay na inaasinta sa isang laro o paligsahan.

Maliwanag na ang pakahulugan ng Bibliya sa kasalanan ay mas mabigat pa rito. Sa katunayan, ang Kautusan ay nagbigay ng iba't ibang paraan ng pagpapaliwanag sa kaisipang ito. Ang kasalanan minsan ay inilalarawan bilang isang pagpasok sa pribadong lugar nang walang paalam, isang bagay na nangangahulugan ng paglabag sa mga ipinagbawal ng Diyos na ibinigay Niya para sana sa ating proteksyon.

Ang konsepto ng mabigat na pagkakasala ay naghahayag ng pinaka-nakababahala at mapinsalang bunga ng kasalanan: ang pagpihit ng katangian natin tungo sa kasamaan. Ang bagay na ito ay labis na mahalaga dahil sinasabi sa Bibliya na ang Diyos ay

banal, walang anumang uri ng kasamaan o kamalian, at ganap na dalisay o malinis sa pag-ibig at kabutihan.

1. Paano tayo isinasalarawan ng Bibliya?

   Mga Taga-Efeso 2:1 ______________________________

2. Bakit lubos na mahalaga ang ating kasalanan sa Diyos?

   Leviticus 11:44 ______________________________

3. Ano ang ginagawa ng mabigat na pagkakasala sa relasyon natin sa Diyos?

   Isaias 59:1,2 ______________________________

   ______________________________

4. Ilarawan ang malubhang kalagayan ng sangkatauhan.

   Mga Taga-Roma 3:9-20,23 ______________________________

   ______________________________

5. Ilarawan ang pagbabagong ginawa ng kasalanan sa mga puso natin.

   Jeremias 17:9 ______________________________

   ______________________________

6. Ano ang kabayaran ng kasalanan?

   Mga Taga-Roma 6:23 ______________________________

7. Ano ang sinasabi ng Bibliya na mangyayari matapos nating mamatay?

   Mga Hebreo 9:27 ______________________________

8. Paano inilalarawan ng Bibliya ang kaparusahang walang hanggan?

   Mateo 25:41 ______________________________

   Pahayag 20:11-15 ______________________________

   Pahayag 21:8 ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

9. Ano ang tawag ni Pablo, ang manunulat ng aklat ng Mga Taga-Roma, sa kanyang sarili?

   Mga Taga-Roma 7:24 ______________________________

Sa Roma 7, inilarawan ni Pablo ang kalagayan niya at dumaing siya para sa buong sangkatauhan gamit ang pinakamahalagang katanungang ito: *Sino ang magliligtas sa akin sa makasalanan kong pagkatao na nagdudulot sa akin ng kamatayan?* Ang pinakamahalagang pangangailangan ng sangkatauhan ay kaligtasan hindi lamang mula sa masamang mundo, kundi mula rin sa kasamaan na nasa mga puso natin.

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Malinaw na lubos na sineseryoso ng Diyos ang kasalanan. Ano naman ang pananaw mo? Ano sa palagay mo ang dapat mong matanggap dahil sa iyong kasalanan?

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

FOR STUDY PURPOSES

## IKATLONG ARALIN

### ANG SOLUSYON NG DIYOS SA KASALANAN: ANG KAMATAYAN AT MULING PAGKABUHAY NI JESUS

Ang kabayaran sa kasalanan ay kamatayang, espirituwal at pisikal. Ang ganap na solusyon ng Diyos sa kasalanan ay ang ibinigay na babala sa orihinal na kwento. Matapos magkasala ni Adan at Eva, sinubukan nilang magtago gamit ang panakip na ginawa nila at simula noon ang sangkatauhan ay nagtatago na sa Diyos. Gayunpaman, ang Diyos ay nagbigay ng tamang kasuotan, at ginawa Niya ito sa pamamagitan ng pagpapadanak ng dugo ng isang inosenteng hayop.

Ang konsepto ng pagsasakripisyo (ang kaisipan na dahil sa kasalanan, mayroong dapat magbayad ng kaparusahan) ay makikita sa kabuuan ng Bibliya. Ang kasalanan ay napatawad lamang dahil sa pagdanak ng dugo ng isang alay na ibinigay bilang pamalit sa tao. Ang alay na ito ay dapat na walang kapintasan.

1. Ano ang kailangan para sa kapatawaran ng kasalanan?

   Mga Hebreo 9:22 ________________________________

2. Paano tinakpan ng Diyos ang unang kasalanan ni Adan at Eva?

   Genesis 3:21 ________________________________

3. Paano ginagawang malinis ang mga bagay na madumi?

   Mga Hebreo 9:22 ________________________________

4. Kaya bang linisin nang lubusan ng dugo ng hayop ang mga kasalanan natin?

   Mga Hebreo 10:4 ________________________________

Basahin ang Isaias 53.

5. Bakit sinugatan at binugbog ang ipinangakong Tagapagligtas?

   Isaias 53:5 ________________________________

   ________________________________

6. Ayon sa propetang si Isaias, paano tayo gagaling sa karamdaman natin?

   Isaias 53:5 ________________________________

7. Ano ang hinulaan ng propetang si Isaias na gagawin ng Panginoon?

   Isaias 53:5 ________________________________

8. Paano ipinakilala ng pinakahuling dakilang propeta na si Juan na Tagapagbautismo si Jesus sa publiko?

   Juan 1:29 ________________________________

   ________________________________

FOR STUDY PURPOSES

9. Ano ang magagawa ng dugo ni Jesus, ang handog Niyang kamatayan, para sa atin?

   Mga Taga-Roma 5:9 ______________________________

   ______________________________

   Mga Taga-Efeso 1:7 ______________________________

   ______________________________

   Mga Taga-Efeso 2:13 ______________________________

   1 Juan 1:7 ______________________________

   Pahayag 1:5 ______________________________

10. Ano ang ginawa ni Jesus sa krus para sa atin?

   1 Corinto 15:3,4 ______________________________

   2 Corinto 5:21 ______________________________

   ______________________________

   Mga Taga-Galacia 3:13,14 ______________________________

   ______________________________

   1 Pedro 2:24 ______________________________

   ______________________________

11. Ayon sa Bibliya, ano ang naiiba kay Jesus at kaya Niyang gawin ang mga ito para sa atin?

   Juan 1:18 ______________________________

   Mga Taga-Colosas 1:15-20 ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

   Mga Hebreo 4:15 ______________________________

Ang dugo ni Jesus, ang handog Niyang kamatayan, ang solusyon ng Diyos sa kasalanan ng sangkatauhan. Binayaran Niya ang kaparusahan sa ating kasalanan. Nais Niyang burahin ang listahan natin ng kasalanan sa pamamagitan ng pagpapatawad. Nagawa ito ni Jesus dahil hindi Siya nanatili sa libingan. Siya ay muling nabuhay.

FOR STUDY PURPOSES

12. Ano ang kahalagahan ng muling pagkabuhay ni Jesus? Ano ang mangyayari kung wala ang muling pagkabuhay? 1 Corinto 15:14-19

v. 14 ______________________________

v. 15 ______________________________

v. 16 ______________________________

v. 17 ______________________________

v. 18 ______________________________

v. 19 ______________________________

Mahal ang handog na biyaya ng Diyos dahil ang naging pambayad dito ay ang buhay ni Jesus. Ang nagbigay dito ng lubos na kapangyarihan ay ang pagkabuhay Niya mula sa kamatayan, patunay na Siya ang Anak ng Diyos at nagpakita na tinanggap ng Diyos ang alay Niyang kabayaran sa ating mga kasalanan.

> [24]*. . . kundi para rin sa atin. Tayo rin ay itinuturing na matuwid ng Diyos kung sumasampalataya tayo sa kanya na muling bumuhay sa ating Panginoong Jesus.* [25]*Pinatay si Jesus dahil sa ating mga kasalanan, at muling binuhay para tayo'y maituring na matuwid.*
>
> MGA TAGA-ROMA 4:24,25

FOR STUDY PURPOSES

Hinihingi ng Kautusan ng Diyos ang kamatayan bilang kaparusahan sa kasalanan. Noong unang panahon, kinailangan nilang pumatay ng mga inosenteng hayop taun-taon bilang pamalit sa mga mamamayan ng Diyos. Nagsilbi itong paalala sa kanila na mahal ang bayad sa kasalanan. Subalit ang plano ng Diyos ay ang ipadala ang Kanyang dakilang handog, Si Jesu-Cristo, bilang "tupa" at pag-aalay para sa kasalanan ng buong mundo. Ang mas nakamamangha ay ang katotohanan na tinawag ng Bibliya si Jesus na "Immanuel," na ang ibig sabihin ay "Ang Diyos ay sumasaatin." Nagkatawang-tao ang Diyos kay Jesu-Cristo at namatay para sa kasalanan ng Kanyang mga nilalang.

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

## IKA-APAT NA ARALIN

### PAGTANGGAP SA KALOOB NG DIYOS: ISANG BAGONG PUSO

At dahil sa pagtanggap sa handog ng Diyos, si Jesu-Cristo, bilang kabayaran sa ating mga kasalanan, hindi lamang natin nararanasan ang kapatawaran sa mga kasalanang nagawa natin sa nakaraan, subalit tayo din ay nabigyan ng bagong puso at bagong buhay bilang mga anak ng Diyos.

1. Ano ang ipinangako ng Diyos na ibibigay Niya sa Kanyang mga mamamayan?

   Ezekiel 36:26 ______________________________

2. Ano ang ginagawa ng Diyos kapag tayo ay inililigtas Niya mula sa espirituwal na kamatayan?

   Mga Taga-Efeso 2:4-6 ______________________________

3. Ano ang nangyayari kapag tinanggap natin si Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas?

   Juan 1:12,13 ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

4. Ano ang sinabi ni Jesus na dapat mangyari bago tayo makapasok sa kaharian ng Diyos?

   Juan 3:3-7 ________________________________________

   ________________________________________

5. Ano ang sinasabi ng mga sumusunod na talata tungkol sa muling pagkasilang o kaya ay sa pagiging anak ng Diyos?

   Juan 1:12,13 ________________________________________

   1 Pedro 1:23 ________________________________________

   1 Juan 3:9 ________________________________________

   1 Juan 4:7 ________________________________________

6. Ano ang sinasabi ni Pablo tungkol sa mga nakay Cristo?

   2 Corinto 5:17 ________________________________________

7. Ano ang kapalaran ng mga ipinanganak ng Diyos?

   1 Juan 5:4 ________________________________________

   ________________________________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang gagawin mo kung may mag-alok sa 'yo ng bagong simula sa buhay? Tinanggap mo na ba ang handog ng Diyos na bagong buhay?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

IKA-LIMANG ARALIN

## PAGPAPALA SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA

Napakahalagang maunawaan natin na hindi natin kayang iligtas ang ating mga sarili. Ang pundasyon ng ating pananampalataya ay ang pagkamatay at muling pagkabuhay ni Jesus. Ito ang naging kabayaran para sa mga kasalanan natin. Bilang bunga ng ginawa ng Diyos sa pamamagitan ni Jesus, tayo ay nagbago at nagkaroon ng bagong puso at bagong Panginoon.

1. Maaari ba tayong maligtas **sa pamamagitan ng** mga mabubuting bagay na ating ginagawa? Paano tayo naliligtas?

   Mga Taga-Efeso 2:8,9 ______________________________

2. Tayo ba ay niligtas ng Diyos **dahil sa** mabubuting bagay na ginagawa natin? Kung hindi, bakit Niya tayo ililigtas?

   Tito 3:4,5 ______________________________

3. Ano ang itinuturo sa atin ng biyaya ng Diyos?

   Tito 2:11,12 ______________________________

   ______________________________

4. Dapat ba tayong magpatuloy sa pagkakasala dahil sa kapatawaran ng Diyos?

   Mga Taga-Roma 6:15 ______________________________

5. Para saan tayo nilikha bilang mga bagong Kristiyano?

   Mga Taga-Efeso 2:10 ______________________________

6. Ano ang sinabi ni Jesus sa mga taong naniniwala sa Kanya?

   Mateo 16:24 ______________________________

   ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

Tulad ng natutunan natin sa kabanatang ito, ang espiritu natin ay walang buhay at hindi natin magagawang iligtas ang ating mga sarili. Maging sino man tayo, nangangailangan tayo ng isang Tagapagligtas. Si Jesu-Cristo lamang ang totoong Tagapagligtas. Sa pagtanggap natin kay Jesus bilang Tagapagligtas at Panginoon, maaari tayong maging malaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan at sa mga bunga nito. Ang ating kaligtasan ay nakasalalay sa ginawa ni Jesus para sa atin at hindi sa ating sariling pagsusumikap.

Kung gayon, kinakailangan natin na . . .

> **Maunawaan** na tayo ay makasalanan at wala tayong maidadahilan para dito (Mga Taga-Roma 1:20) at sa pamamagitan lamang ng pagkamatay at muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo tayo maaaring maligtas.
>
> **Tumugon** sa pamamagitan ng pagtalikod sa kasalanan at paglagay ng ating pananampalataya sa Kanya at pagsunod sa Kanya bilang Panginoon.

Sa mga sumusunod na dalawang kabanata, susuriin nating mabuti kung ano ang kahulugan ng pagiging tagasunod ni Jesus.

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

FOR STUDY PURPOSES

# 2 PAGKAPANGINOON AT PAGSUNOD

"Inuutusan ko kayo ngayon na mahalin ang Panginoon na inyong Diyos, mamuhay ayon sa kanyang pamamaraan, at sundin ang kanyang mga utos at tuntunin. Kung gagawin ninyo ito, mabubuhay kayo nang matagal at dadami, at pagpapalain kayo ng Panginoon doon sa lupaing titirhan at aangkinin ninyo."

DEUTERONOMIO 30:16

46"Bakit ninyo ako tinatawag na Panginoon,
gayong hindi naman ninyo sinusunod
ang mga sinasabi ko? 47Sasabihin ko sa
inyo kung ano ang kahalintulad ng taong
lumalapit sa akin, nakikinig at sumusunod
sa mga sinasabi ko: 48Katulad siya ng isang
taong humukay nang malalim at nagtayo
ng bahay sa pundasyong bato. Nang
bumaha at dinaanan ng malakas na agos
ang bahay, hindi iyon nayanig dahil matibay
ang pagkakatayo."

LUCAS 6:46-48

"Kung mahal ninyo ako, susundin ninyo ang aking mga utos."

JUAN 14:15

FOR STUDY PURPOSES

Ang pagsabing si Jesus ay *Panginoon* ay pagsabi na Siya ay hindi lamang Anak ng Diyos kundi Siya ay Diyos na nagkatawang-tao. Ang pagkaunawa nito ay nagpapakita ng lawak at kadakilaan ng pag-ibig ng Diyos, na Siya ay naging tao at namatay para sa atin. Ang pagpapahayag na ito ay bumabago sa mga puso at isipan natin magpakailanman. Ang Pagkapanginoon ni Cristo ay nangangahulugan na ang Kanyang mga salita ay tunay na salita ng Diyos at dapat na pagkatiwalaan at sundin.

Ang pagsabi na dapat tayong magtiwala at sumunod kay Cristo ay hindi nangangahulugan na ang kaligtasan ay nakasalalay sa kawalan natin ng pagkakamali. Sa halip, ang pagsunod natin kay Jesus bilang Panginoon ay isang **pag-uugali** na nagpapakita ng ganap na pagsuko at pagsunod sa Kanya.

FOR STUDY PURPOSES

## UNANG ARALIN

### SI JESUS ANG PANGINOON

1. Ano ang inihayag ni Pedro (isa sa mga disipulo ni Jesus) tungkol kay Jesus?

   Mga Gawa 2:36 ______________________________

   ______________________________

Ang salitang *panginoon*, ay isa pang salita sa “amo.” Ang salitang “Cristo” ay nangangahulugang “pinili,” at isa sa mga natatanging katawagan para kay Jesus. Ipinapahiwatig nito na Siya ang tagapagpalaya na pinili at ipinangako ng Diyos na ipapadala Niya.

2. Ano ang isinulat ni Pablo tungkol kay Jesus? Mga Taga-Filipos 2:6-11

   v. 6 ______________________________

   ______________________________

   v. 7 ______________________________

   ______________________________

v. 8 ____________________

____________________

v. 9 ____________________

____________________

v. 10 ____________________

____________________

v. 11 ____________________

____________________

3. Ano ang sinasabi ni Pablo na nararapat nating gawin pagkatapos nating tanggapin si Jesus?

   Mga Taga-Colosas 2:6 ____________________

4. Ano ang sinasabi ni Jesus na bunga ng hindi pagsunod sa Kanya?

   Lucas 6:46-49 ____________________

   ____________________

5. Ayon kay Jesus, sino ang makakapasok sa kaharian ng langit?

   Mateo 7:21-23

   ____________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

____________________

____________________

____________________

____________________

# IKALAWANG ARALIN

## ANG MAKIPOT NA DAAN

Itinuturo sa Bibliya na tayo ay naligtas dahil sa biyaya ng Diyos, hindi dahil sa mabubuti nating gawa. Hindi natin magagawang pagsumikapan ang pagkakaroon ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng mabubuting gawa. Kailangan nating tanggapin ang handog ni Jesus sa krus. Subalit kapag tunay ang pagtanggap natin sa kaligtasang ito, ang pagbabago sa mga buhay natin ay magiging kapansin-pansin.

Basahin ang Mateo 7:13-20 upang malaman ang sinasabi ni Jesus tungkol sa kahulugan ng pagiging tunay na tagasunod Niya.

1. Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa pagpasok sa kaharian ng Diyos?

   Mateo 7:13,14 ______________________________

2. Paano natin masasabi kung sino ang tunay na tagasunod ni Jesus at kung sino ang hindi?

   Mateo 7:16 ______________________________

3. Ayon kay Jesus, ano ang kahahantungan ng mga nagtataglay ng masamang bunga?

   Mateo 7:19 ______________________________

Ang "masamang bunga" ay isang talinghaga para sa isang makasalanang paraan ng pamumuhay. Ang kasalanan ay kawalan ng batas. Ito ay paglabag sa kautusan ng Diyos.

4. Mga ilang siglo bago ipinanganak si Jesus, ibinigay ng Diyos ang Kautusan sa Kanyang mga mamamayan, ang kabuuan ay ang Sampung Utos. Ano ang Sampung Utos ng Diyos?

   Exodus 20:1-17

   v. 3 ______________________________

   vv. 4-6 ______________________________

   v. 7 ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

vv. 8-10 ______________________________

v. 12 ______________________________

v. 13 ______________________________

v. 14 ______________________________

v. 15 ______________________________

v. 16 ______________________________

v. 17 ______________________________

5. Ano ang sinabi ni Jesus sa mga nagsasawalang-bahala ng mga kautusang ito?

   Mateo 5:17-19 ______________________________

   ______________________________

Inihahayag sa Bibliya na si Jesu-Cristo ang pinagmumulan ng ating pagiging matuwid (tamang katayuan sa Diyos). Gayunpaman, ang utos ng Diyos ay hindi dapat ipagsawalang bahala. Mayroon pa ding mga tama at mali. Kapag nalabag natin ang mga kautusang ito, ang tawag dito ay "kasalanan."

Ang pagkakaiba ay, bilang mga Kristiyano, hindi lamang tayo napatawad. Tayo rin ay may bagong kakayahan na tanggihan ang kasalanan.

FOR STUDY PURPOSES

6. Ayon kay Jesus, ano ang kabuuan ng kautusan ng Diyos?

   Mateo 7:12 ______________________________

   ______________________________

7. Ano ang pagkaka-iba sa pagitan ng mga nagmamahal kay Jesus at sa mga hindi nagmamahal sa Kanya?

   Juan 14:15,23,24 ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

8. Ano ang sinasabi ni Pablo na wala dapat sa mga buhay natin bilang mga mananampalataya?

   Mga Taga-Efeso 5:3-5 ________________________________________

   ________________________________________________________

   ________________________________________________________

9. Ano ang babala ni Pablo na maaaring mangyari sa mga gumagawa ng ganitong mga bagay?

   Mga Taga-Galacia 5:19-21 ___________________________________

10. Ano ang dahilan kung bakit nabubuhay sa kasalanan ang mga tao at nag-aakala na sila ay mga Kristiyano?

   1 Corinto 6:9,10 ___________________________________________

   ________________________________________________________

Ang mga babalang ito ay nagpapaalala sa atin na tayo ay hindi lamang mga bagong nilalang, kundi tayo ay tinawag upang magkaroon ng bagong paraan ng pamumuhay. Bilang mga tao, siguradong hindi tayo mawawalan ng kapintasan, subalit dahil kay Cristo, tayo ay nasa isang paglalakbay na magdadala sa atin sa tagumpay laban sa kasalanan at kahinaan na dati'y nangingibabaw sa mga buhay natin. Ang pamamaraan na ito ay tinatawag na *sanctification* o pagpapabanal.

> *At ganyan nga ang ilan sa inyo noon. Ngunit nilinis na kayo sa inyong mga kasalanan. At ibinukod na kayo ng Diyos para maging kanya; itinuring na kayong matuwid dahil sa Panginoong Jesu-Cristo at sa Espiritu ng ating Diyos.*
>
> 1 CORINTO 6:11

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

## IKATLONG ARALIN

### ANG PAGKAPANGINOON AT MGA RELASYON

FOR STUDY PURPOSES

Maraming sinasabi ang Bibliya patungkol sa "*fellowship*" o pakikisama. Ito ay higit pa sa pagsama sa ibang tao; ito ay **pagbabahagi ng buhay** natin sa kanila. Ito ay pagbubukas ng buhay natin sa iba pang mga tagasunod ni Jesus at pamumuhay sa isang komunidad kasama sila. Bagama't hindi nais ng Diyos na talikuran natin ang ating mga ugnayan sa mga hindi mananampalataya at ihiwalay ang mga sarili natin sa mundo, ang tunay at ganap na mga ugnayan ay mararanasan natin kasama ang iba pang mga mananampalataya.

1. Ayon sa Bibliya, anong uri ng mga tao ang dapat iwasan?

   1 Corinto 5:11 ______________________________

2. Sa isa sa kanyang mga sulat, sinabi ni Pablo ang isang kagulat-gulat na kaso ng imoralidad. Ano ang sinabi ni Pablo na dapat sana ay ginawa ng iglesya?

   1 Corinto 5:1,2 ______________________________

Basahin ang 2 Corinto 6:14-18.

3. Ano ang sinabi ni Pablo tungkol sa "pakikisama" sa mga hindi mananampalataya?

   2 Corinto 6:14-16 ________________________________________

   ________________________________________

4. Ano ang iniutos ng Diyos?

   2 Corinto 6:17 ________________________________________

   ________________________________________

5. Ano ang ipinangako Niya bilang kapalit?

   2 Corinto 6:18 ________________________________________

   ________________________________________

Ang "paglayo" ay hindi nangangahulugan na puputulin natin ang ating ugnayan sa lahat ng nasa mundo. Sa katunayan, tayo ay sinabihan din ni Jesus na maging *asin at ilaw* sa mundo (Mateo 5:13-16). Hindi natin magagawang maging *asin at ilaw* kung malayo tayo sa mga tao sa mundo. Maging si Jesus ay binatikos sa pagiging kaibigan ng mga makasalanan (Lucas 15:1,2). Subalit, tulad ni Jesus, nais ng Diyos na gamitin ang ating buhay upang magdala ng pagbabago sa mundong ginagalawan natin, at hindi ang kabaliktaran.

6. Ayon kay Juan, paano natin masasabi na ang ating buhay ay *nakalipat na sa buhay na walang hanggan mula sa kamatayan*?

   1 Juan 3:14 ________________________________________

7. Ayon kay Jesus, ilang ulit nating dapat patawarin ang ating mga kapatid?

   Mateo 18:21,22 ________________________________________

8. Habang tayo ay namumuhay sa pag-ibig at pagkaka-isa, ano ang ipinapangako ni Jesus na magiging tugon sa atin ng Diyos?

   Juan 17:23 ________________________________________

   ________________________________________

FOR STUDY PURPOSES

9. Ano ang susi sa pagkakaroon ng ganitong uri ng pagkaka-isa?

   Mga Taga-Filipos 2:3,4 ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

Ang uri ng ugnayan natin sa ibang mga mananampalataya ay isang napakahalagang patotoo sa isang mundong walang paniniwala sa Diyos. Dapat ay magawa nating patawarin at mahalin hindi lamang ang ating mga kaibigan, kundi maging ang ating mga kaaway. Dapat nating maintindihan na tayo ay nasa isang labanang espirituwal, at dapat tayong maghasa at maging determinado na huwag hayaang itulak tayo sa kadiliman ng samaan ng loob at hindi pagpapatawad.

Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng pagiging nasa mundo ngunit hindi makamundo? (Tignan ang Juan 17:15-18.)

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

FOR STUDY PURPOSES

## IKA-APAT NA ARALIN

### MAKAKAPASA KA BA SA PAGSUBOK?

Ang aklat ng 1 Juan ay naglalarawan kung paano natin masusuri ang totoong kondisyon ng ating mga buhay. Ang pagkalinlang ay isang malakas na puwersa. Ang demonyo ay isang bihasang manlilinlang. Marami na ang nahulog sa impluwensya ng kanyang panlilinlang. Marami ang nagdasal ng mga panalangin, dumalo sa mga pag-aaral ng Bibliya, at napabilang sa iglesya—subalit ang kanilang mga buhay ay hindi tunay na nagbago.

Ang araling ito ay nagbibigay-diin sa aral sa Bibliya na bilang mga Kristiyano na naligtas dahil sa biyaya ng Diyos, tayo ay inaasahan na magkaroon ng bagong paraan ng pamumuhay sa piling ng Diyos at ng isa't isa.

1. Ano ang mensaheng inihayag ni Juan?

   1 Juan 1:5 ______________________________________________

2. Ano ang sinasabi ni Juan tungkol sa mga nagsasabing sila ay may relasyon sa Diyos subalit patuloy na namumuhay sa kadiliman?

   1 Juan 1:6 ______________________________________________

3. Ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa mga tao na nagsasabing sila'y Kristiyano subalit hindi sumusunod sa Kanyang mga utos?

   1 Juan 2:3,4 ____________________________________________

4. Ano ang iniuutos ng Diyos?

   1 Juan 3:11 _____________________________________________

   Mateo 22:34-40 __________________________________________

   _________________________________________________________

5. Ano ang sinasabi ni Juan tungkol sa mga nagsasabing mahal nila ang Diyos subalit kinamumuhian nila ang kapwa nila mananampalataya?

   1 Juan 2:9-11 ___________________________________________

6. Paano natin malalaman ang kaibahan sa pagitan ng mga anak ng Diyos at ng mga anak ng demonyo?

   1 Juan 3:7-10 ___________________________________________

   _________________________________________________________

7. Kung sinasabi natin na mahal natin ang Diyos subalit kinamumuhian natin ang ating kapatid, tayo ay _________________________ . 1 Juan 4:20

FOR STUDY PURPOSES

Maaaring mahirap ito para sa atin, subalit kung tatanggapin natin ang katotohanan, tayo ay magbabago. Ang kamatayan ni Jesus sa krus ang naging kabayaran sa ating mga kasalanan. Ang Kanyang muling pagkabuhay ang bumuwag sa kapangyarihan ng kasalanan at kamatayan. Kung isasaalang-alang natin ang kapangyarihan ng krus at ng muling pagkabuhay, bakit pa natin gugustuhing tanggapin ang ebanghelyo na hindi nagdadala ng pagbabago sa buhay natin at paglaya mula sa kasalanan?

Sa susunod na aralin, titignan natin ang mga nararapat na tugon sa mensahe ng Pagkapanginoon ni Jesus.

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

FOR STUDY PURPOSES

FOR STUDY PURPOSES

# 3 PAGSISISI AT BAUTISMO

Sumagot si Pedro sa kanila, "Magsisi ang bawat isa sa inyong mga kasalanan at magpabautismo sa pangalan ni Jesu-Cristo, at mapapatawad ang inyong mga kasalanan at matatanggap ninyo ang regalo ng Diyos na walang iba kundi ang Banal na Espiritu."

MGA GAWA 2:38

"Kaya ngayon, kailangang magsisi na kayo at lumapit sa Diyos, para patawarin niya ang inyong mga kasalanan . . ."

MGA GAWA 3:19

Basahin ang Lucas 15:11-24.

Ang isa sa mga naka-aantig na kuwento sa Bibliya ay may kinalaman sa isang krisis sa relasyon sa pagitan ng ama at ng kanyang anak. Ikinuwento ni Jesus ang tungkol sa isang anak na kinuha ang lahat ng kanyang mana, lumayas at winaldas ang lahat ng ito sa pamamagitan ng pabayang uri ng pamumuhay. Sa huli, naubos ang kanyang yaman at siya ay namuhay nang walang pag-asa. Sinabi sa Bibliya na natauhan siya at naging determinado na bumalik sa kanyang ama. Ito ay isang larawan ng kahulugan ng pagsisisi, ang pagsisisi sa ating mga kasalanan at pagiging desperado na ibalik ang ugnayan natin sa Diyos, na ating Ama sa Langit.

## UNANG ARALIN

### ANO ANG DAPAT NATING GAWIN?

1. Ano ang sinabi ng suwail na anak sa kanyang ama?

   Lucas 15:21 ______________________________

   ______________________________

2. Ano ang naging tugon ng ama?

   Lucas 15:22-24 ______________________________

   ______________________________

3. Ayon kay Jesus, ano ang nakapagdudulot ng kasiyahan sa langit?

   Lucas 15:7______________________________

   ______________________________

Ang pagsisisi ay nagbubunga ng tunay na pagbabago sa ating mga puso at ito ay bunga ng biyaya ng Diyos na siyang kumikilos sa ating mga buhay.

Basahin ang Mga Gawa 2:36-46.

4. Ayon kay Pedro, sino si Jesus?

   Mga Gawa 2:36 ______________________________

5. Ano ang sinabi ng mga tao bilang tugon sa mensahe ni Pedro?

   Mga Gawa 2:37 ______________________________

6. Ano ang sinabi ni Pedro na dapat nilang gawin?

   Mga Gawa 2:38______________________________

   ______________________________

7. Ano ang sinabi ni Pedro na maaari nilang matanggap kung sila ay magsisisi at magpapabautismo?

   Mga Gawa 2:38 ______________________________

8. Kanino naaayon ang pangakong ito?

   Mga Gawa 2:39 ______________________________________

   ______________________________________

9. Ano pa ang sinabi ni Pedro?

   Mga Gawa 2:40 ______________________________________

10. Ano ang nangyari sa mga tumanggap sa kanyang mensahe?

    Mga Gawa 2:41 ______________________________________

    ______________________________________

11. Nang sila ay madagdag sa grupo ng mga mananampalataya, ano ang kanilang ginawa?

    Mga Gawa 2:42-46______________________________________

    ______________________________________

Ipinahayag ni Pedro ang mensahe ng krus, na si Jesus ay parehong Panginoon at Tagapagligtas. Ang bunga? Tumagos ang mensahe sa mga puso nila. Sila ay tumugon sa pamamagitan ng pagtatanong, *"Mga kapatid, ano ang dapat naming gawin?"* Ang sagot sa kanilang tanong ay may apat na bahagi:

1. Magsisi.
2. Magpabautismo.
3. Tanggapin ang kaloob ng Banal na Espiritu.
4. Maging bahagi ng iglesya, ang samahan ng mga mananampalataya.

Sa araling ito, pag-aaralan natin ang pagsisisi at pagpapabautismo sa tubig. Ang Banal na Espiritu at iglesya ay tatalakayin sa ibang mga aralin.

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## IKALAWANG ARALIN

### PAGSISISI: PAGTALIKOD SA KASALANAN

1. Ano ang mensahe na ipinangaral ni Jesus?

   Marcos 1:15 ______________________________________

   ______________________________________________

2. Ano ang unang dalawang pangunahing aral tungkol sa pananampalatayang Kristiyano?

   Mga Hebreo 6:1,2 ______________________________________

   ______________________________________________

3. Anong mensahe ang dapat maipangaral sa buong bansa?

   Lucas 24:47 ______________________________________

   ______________________________________________

4. Ano ang mangyayari kung tayo ay magsisisi at lalapit sa Diyos?

   Mga Gawa 3:19 ______________________________________

   ______________________________________________

Ang salitang "pagsisisi" ay kadalasang nagbibigay sa isipan natin ng mga nakakatakot na mga imahe ng tao na nasa isang sulok ng kalsada at may hawak na babala, "Magsisi kayo, dahil malapit na ang katapusan!" Ang totoo, ang pagkakaroon ng pagkakataon

na makatanggap ng kapatawaran ay nagdadala ng pag-asa sa atin. Nangangahulugan ito ng "pagtalikod." Gaano man kasama ang naging bunga ng mga pangyayari sa buhay mo, o gaano ka man napalayo sa Diyos, kapag ikaw ay nagsisi (bumalik), agad-agad mong matatanggap ang pagmamahal at awa ng Diyos na naghihintay sa iyo.

5. Ano ang sinabi ni Jesus na mangyayari kung tayo ay hindi magsisisi?

   Lucas 13:2-5 ______________________________

   ______________________________

6. Sino ang inuutusan ng Diyos na magsisi?

   Mga Gawa 17:30 ______________________________

   ______________________________

Basahin ang Mga Gawa 26:18-20.

7. Ano ang sinabi ni Apostol Pablo na dapat niyang gawin?

   Mga Gawa 26:18 ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

8. Ano ang mensaheng ipinahayag ni Pablo?

   Mga Gawa 26:19,20 ______________________________

   ______________________________

9. Paano sinabi ni Pablo sa kanyang mga tagapakinig na maaari nilang ipakita ang kanilang pagsisisi?

   Mga Gawa 26:20 ______________________________

   ______________________________

10. Ano ang dapat nating gawin sa mga kasalanan natin?

    Mga Kawikaan 28:13 ______________________________

    ______________________________

11. Ang tunay na pagsisisi ay tumutukoy sa pag-amin ng kasalanan, pagtalikod sa kasalanan, at paglapit sa Diyos. Ano pa ang nakapaloob dito?

    Exodus 22:5,6 ________________________________________

    ________________________________________

Ang "pagbabayad-pinsala" ay "pagbabalik ng isang bagay sa karapat-dapat na may-ari nito" at "paggawa ng tama...para sa pinsalang nagawa" (*Merriam-Webster's Collegiate Dictionary*, eleventh edition).

Basahin ang Lucas 19:1-10 para sa isang kwento tungkol sa pagsisisi at pagbabayad-pinsala.

12. Si Zaccheus ay isang masamang kolektor ng buwis. Subalit ang pagkakataon na magkaroon ng relasyon kay Jesus ay nagbigay sa kanya ng inspirasyon upang magsisi at magbayad sa pinsalang nagawa ng mga kasalanan niya. Anong paraan ng pagbabayad-pinsala ang iminungkahi niya?

    Lucas 19:8 ________________________________________

    ________________________________________

13. Paano tumugon si Jesus kay Zaccheus?

    Lucas 19:9 ________________________________________

14. Ano ang nagdadala sa atin tungo sa pagsisisi?

    Mga Taga-Roma 2:4 ________________________________________

    ________________________________________

15. Ang isang bahagi ng pagsisisi ay ang kalungkutang nararamdaman natin dahil sa ating mga kasalanan. Ano ang dalawang uri ng kalungkutan at ano ang naidudulot nila?

    2 Corinto 7:10 ________________________________________

    ________________________________________

16. Maliban sa pagsisisi, ano pa ang naidudulot ng kalungkutang ayon sa kalooban ng Diyos?

    2 Corinto 7:11 ______________________________

    ______________________________

Ayon sa Kasulatan, ang pagsisisi ay nakatuon sa pagkilala sa kasalanan, pagkakaroon ng kalungkutan dahil sa pagkakasala, pagtalikod sa kasalanan, at kagustuhang magbayad-pinsala. Gayunpaman, ang pagsisisi ay hindi ganap kung walang pananampalataya.

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

## IKATLONG ARALIN

### PAGSISISI: PAGLAPIT SA DIYOS

Ang tunay na pagbabalik-loob ay gaya ng dalawang pisngi ng isang barya. Ang isang pisngi ay pagsisisi; ang kabila ay pananampalataya. Hindi tayo maaaring tumalikod mula sa isang panig nang hindi pumipihit papunta sa kabilang panig. Ang lahat ng ito ay *biyaya ng Diyos* (Mga Taga-Efeso 2:8).

1. Ayon kay Pablo, saan tayo dapat pumunta kung tayo ay *lalayo sa kadiliman*?

    Mga Gawa 26:18 ______________________________

    ______________________________

2. Ano ang naging bunga ng himalang paggaling ng lalaking paralisado?

   Mga Gawa 9:35 ________________________________________

   ________________________________________

3. Ano ang patunay na ang *kamay ng Diyos* ay nasa mga taong nagpapahayag tungkol kay Cristo?

   Mga Gawa 11:21 ________________________________________

   ________________________________________

Marahil, ang pinaka-inuulit na bahagi ng Kasulatan ay Juan 3:16:

> *"Sapagkat ganito ang pag-ibig ng Diyos sa mga tao sa sanlibutan: Ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."*

Ang paniniwala kay Cristo ay nangangahulugan ng higit pa sa pagsasabi ng mga tamang salita o kaya ay pagtanggap ng ilang mga katotohanan. Ito ay nangangahulugan ng pagbigay ng ating ganap na pagtitiwala sa Kanya. Samakatuwid, ang tunay na pananampalataya ay nagpapahiwatig na tinalikuran na natin ang lahat ng mga alternatibo at itinuon ang buong pansin natin sa Kanya.

4. Sapat na ba ang pagsasabi lamang na naniniwala ka sa Diyos?

   Santiago 2:19 ________________________________________

   ________________________________________

5. Ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa pananampalataya na walang kasamang gawa?

   Santiago 2:26 ________________________________________

   ________________________________________

6. Ano ang pangako para sa sinumang ganap na naniniwala?
   Juan 6:47 ______________________________________________

   ______________________________________________________

7. Ayon sa Bibliya ano ang nagtagumpay laban sa mundo?
   1 Juan 5:4,5 ___________________________________________

   ______________________________________________________

Ang pag-asa ng bawat mananampalataya ay tungkol sa ginawa ni Cristo na mas makapangyarihan kaysa sa anumang nakaraan o kasalukuyang pagsubok o tukso. Ang larawan ng kaligtasan na ibinigay ng Bibliya ay hindi lamang dakilang paglaya, kundi ang pagpapalakas upang magkaroon tayo ng bagong buhay na ginagawa ng Espiritu ng Diyos. Ang susunod na mahalagang bahagi ng paglalakbay natin ay ang pagsunod kay Cristo sa pagpapabautismo.

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

## IKA-APAT NA ARALIN

### BAUTISMO SA TUBIG

Kung ikaw ay pupunta sa Israel at maglalakbay sa sinaunang lupain nito kung saan nabuhay at naglingkod si Jesus, makikita mo na ang mundong nakapaloob sa Bibliya ay may kinikilalang konsepto ng ritwal na pagligo. Ang mga lalaki at babae ay nagsasagawa ng ritwal na paghuhugas upang linisin ang kanilang sarili mula sa mga dumi at dungis na nakukuha sa mundo. Si Jesus at ang Kanyang mga disipulo ay dumating at naghayag ng Salita ng Diyos at tinawag ang mga tao na magpabautismo sa tubig upang isalarawan ang paglilinis na nagaganap sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya. Ang Dakilang Komisyon ay nagbigay ng utos ni Jesus sa Kanyang mga disipulo: *"Kaya puntahan ninyo ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu . . ."* (Mateo 28:19).

1. Ano ang nangyari sa mga tumanggap sa mensahe ni Pedro?

   Mga Gawa 2:41 ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ano ang ginawa ng mga lalaki at babae na naniwala sa mensahe ni Felipe?

   Mga Gawa 8:12 ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Matapos marinig ang mabuting balita tungkol kay Jesus, ano ang gustong gawin ng opisyal ng Etiopia?

   Mga Gawa 8:35,36 ___________________________________________

   ______________________________________________

4. Sinabihan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo na pumunta sa lahat ng mga bansa at gawin silang mga tagasunod Niya. Ano ang sinabi Niyang dapat gawin sa mga tagasunod na ito?

   Mateo 28:19,20.

   v. 19 ______________________________

   v. 20 ______________________________

Ang Bagong Tipan ay gumagamit ng apat na iba't ibang paglalarawan upang tulungan tayong maintindihan ang kahalagahan ng bautismo sa tubig:

- Libing at muling pagkabuhay (Mga Taga-Roma 6:4,5)
- Ang pagtawid ng mga Israelita sa Dagat na Pula nang sila ay maka-alis sa Egipto (1 Corinto 10:1,2)
- Pagtutuli (Colosas 2:11,12)
- Ang baha (1 Pedro 3:20,21)

Basahin ang Mga Taga-Roma 6:1-4.

5. Inihambing ni Pablo ang Kristiyanong bautismo sa isang libing. Upang mailibing, ang tao ay dapat munang mamatay. Saan tayo dapat mamatay?

   Mga Taga-Roma 6:1,2 ______________________________

   ______________________________

6. Sa ating pagpapabautismo, saan tayo nakasama?

   Mga Taga-Roma 6:3 ______________________________

   ______________________________

7. Ano ang ating ipamumuhay ngayon na tayo ay nakay Cristo na?

   Mga Taga-Roma 6:4 ______________________________

   ______________________________

8. Ang pagdaan ng mga Israelita sa Dagat na Pula ay isang larawan ng bautismo para sa atin. Bakit tumatakas ang mga Israelita mula sa mga taga-Egipto?

   Exodus 2:23; 3:7,9 ________________________________________

   ________________________________________

9. Ano ang nangyari sa mga Taga-Egipto?

   Exodus 14:22-28 ________________________________________

   ________________________________________

Tulad ng pagiging alipin ng mga Israelita sa mga Taga-Egipto, tayo ay alipin ng kasalanan. Ang mga Israelita ay napalaya sa kanilang pagkakabilanggo sa pamamagitan ng pagtawid sa Dagat na Pula. Ang bautismo ay larawan ng kalayaan mula sa kasalanan na ibinigay sa atin ni Jesus sa pamamagitan ng krus.

10. Sinabi ni Pablo na ang bautismo ay tulad ng pagtutuli na hindi gawa ng mga kamay ng tao, kundi pagtutuli na gawa ni Cristo. Ano ang tinatanggal sa espirituwal na pagtutuli?

    Mga Taga-Colosas 2:11,12 ________________________________________

    ________________________________________

11. Ano ang sinabi ni Pedro na sinasagisag ng tubig sa baha?

    1 Pedro 3:21 ________________________________________

    ________________________________________

12. Ano ang *pangako natin sa Diyos* na sinasagisag ng bautismo?

    1 Pedro 3:21 ________________________________________

    ________________________________________

Itinuturo ni Pedro na hindi ang pagtanggal sa dumi sa katawan ang nagliligtas sa atin. Sa madaling salita, hindi tayo naligtas dahil sa **nagpabautismo** tayo o dahil sa **tubig** na ginamit sa pagbabautismo sa atin. Bagkus, ang muling pagkabuhay ni Cristo ang nagliligtas sa atin. Itinuturo ng Kasulatan na tayo ay naligtas sa pamamagitan ng ginawa ni Jesus (Ang Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay), at hindi dahil sa ginagawa natin (bautismo

sa tubig). Sinabi pa ni Pedro na ang bautismo ay *pangako natin sa Diyos na hindi na tayo gagawa ng anumang bagay na alam nating labag sa kalooban Niya.*

Bawat isa sa larawan ng bautismo na ibinigay sa Bibliya ay nagpapakita ng pagtanggal ng dating paraan ng pamumuhay at pag-usbong ng bagong buhay. Sa bautismo, inihahayag natin sa publiko kung ano ang ginawa ni Jesus sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay. Ipinapakita rin natin na kinikilala natin ito. Sa pagsunod sa Kanyang utos na magpabautismo, kinikilala natin ang kapangyarihan ng krus at ng muling pagkabuhay upang ganap tayong palayain mula sa kapangyarihan ng kasalanan.

> *"Ngayon, ano pa ang hinihintay mo? Tumayo ka na at magpabautismo, at tumawag sa Panginoon para maging malinis ka sa iyong kasalanan."*
>
> MGA GAWA 22:16

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

# 4 ANG BANAL NA ESPIRITU AT MGA ESPIRITUWAL NA KALOOB

FOR STUDY PURPOSES

"Binabautismuhan ko kayo sa tubig bilang tanda ng inyong pagsisisi, ngunit may isang darating na kasunod ko, mas makapangyarihan siya kaysa sa akin. Ni hindi ako karapat-dapat na maging alipin niya. Babautismuhan niya kayo sa Banal na Espiritu at sa apoy."

MATEO 3:11

"Pero kapag nakaalis na ako, ang Tagatulong na walang iba kundi ang Banal na Espiritu ang ipapadala ng Ama bilang kapalit ko. Siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalala sa inyo ng lahat ng mga sinabi ko sa inyo."

JUAN 14:26

> Sumagot si Pedro sa kanila, "Magsisi ang bawat isa sa inyong mga kasalanan at magpabautismo sa pangalan ni Jesu-Cristo, at mapapatawad ang inyong mga kasalanan at matatanggap ninyo ang regalo ng Diyos na walang iba kundi ang Banal na Espiritu."
>
> MGA GAWA 2:38

Bago umakyat si Jesus sa langit, sinabihan Niya ang Kanyang nga disipulo na bumalik sa Jerusalem at maghintay. Sila ay tatanggap ng kamangha-manghang regalo: ang bautismo ng Banal na Espiritu (Mga Gawa 1:4,5).

Matapos ang ilang araw, sa pista ng mga Judio na tinatawag na Pentecostes . . . dumating ang Banal na Espiritu . . . at hindi naging tahimik ang Kanyang pagdating. Dumating siya sa pamamagitan ng hangin at apoy. Biglang nagsalita sa iba't ibang mga wika ang mga mananampalataya. Ang mga Judio na nanggaling sa iba't ibang lugar sa emperyo ay nagtipon-tipon sa Jerusalem, at narinig ng bawat isa sa kanila ang mga mananampalataya na nagsasalita sa kani-kanilang mga wika (Mga Gawa 2:1-12).

FOR STUDY PURPOSES

Tumayo si Pedro at nagsalita. Ipinaalala niya sa madla na daan-daang taon na ang nakaraan nang sinabi ng propetang si Joel na darating ang Espiritu ng Diyos. Ipinahayag ni Pedro ang pagkamatay at muling pagkabuhay ni Jesus. Tumagos ang mga salitang ito sa puso ng mga tao kung kaya't sila ay tumugon, *"Ano ang dapat naming gawin?"* (Mga Gawa 2:14-37)

Sinabi ni Pedro na ang tamang tugon ay ang magsisi, magpabautismo, at tanggapin ang regalo ng Banal na Espiritu (Mga Gawa 2:38,39). Sa madaling salita, hindi natin magagawang isapamuhay ang buhay Kristiyano kung wala ang kapangyarihan at presensya ng Banal na Espiritu. Simula ng tayo ay maipanganak muli, ang Espiritu ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng kapangyarihan na patuloy na maging saksi para kay Cristo.

UNANG ARALIN

## SINO ANG BANAL NA ESPIRITU

1. Sino ang Banal na Espiritu

   Juan 14:16______________________________

   Juan 14:17______________________________

2. Paano tinutulungan ng Banal na Espiritu ang isang mananampalataya?

   Mateo 10:19,20____________________________

   ______________________________________

   Juan 14:26______________________________

   ______________________________________

   Juan 16:13,14____________________________

   ______________________________________

   Mga Gawa 1:8____________________________

   ______________________________________

   Mga Taga-Roma 8:14 ________________________

   Mga Taga-Roma 8:15 ________________________

   Mga Taga-Roma 8:16 ________________________

   Mga Taga-Roma 8:26,27 ______________________

   2 Timoteo 1:14 __________________________

   ______________________________________

Nang tanggapin natin si Cristo bilang ating Panginoon at Tagapagligtas, tayo ay ipinanganak muli. Ibig sabihin nito ay *ipinanganak tayo sa Espiritu* (Juan 3:8).

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

## IKALAWANG ARALIN

### ANG BUNGA NG ESPIRITU

Basahin ang Juan 15:1-8.

Ang pagiging mabunga ay isang mahalagang paksa sa Bibliya. Ang larawan ng pagpapanatili ng isang halamanan ng ubas ay tampok sa mga katuruan ni Cristo tungkol sa ating espirituwal na buhay. Ang mga baging ay hindi hinahayaang mag-isa sa lupa para tapak-tapakan at basta lamang lumaki. Ang mabungang baging ay inaangat mula sa lupa at walang tigil na inaalagaan ng isang maasikasong hardinero. Katawa-tawa ang pag-aakalang ang isang sanga na nakahiwalay sa baging ay lalago o kaya ay ang pag-aakalang ang isang baging ay magiging maganda at mabunga kung wala ang patuloy na pag-aalaga ng isang hardinero.

1. Paano tayo makapagbibigay ng karangalan sa Ama?
   Juan 15:8 ____________________________________

2. Ano ang nangyayari sa mga sanga na hindi nagbubunga?
   Juan 15:2 ____________________________________

3. Ano ang nangyayari sa mga sanga na nagbubunga?
   Juan 15:2 ____________________________________

FOR STUDY PURPOSES

4. Bakit pinuputulan ng Ama ang mga sanga na mabunga?

   Juan 15:2 ____________________

5. Maaari ba tayong mamunga sa pamamagitan ng ating mga sarili lamang?

   Juan 15:4 ____________________

6. Ano ang maaari nating gawin upang tayo ay magkaroon ng bungang espirituwal?

   Juan 15:4,5 ____________________

7. Ano ang ibig sabihin ng *pananatili sa puno*?

   Juan 15:4-7 ____________________

   ____________________

Sinabi ni Jesus na kung tayo ay *mananatili* sa Kanya, tayo ay *magiging mabunga*, subalit ano ang ibig sabihin nito? Hindi kalaunan, matapos ang muling pagkabuhay ni Jesus, isinalarawan Niya ang uri ng "bunga" na nagagawa ng isang buhay na sumusunod sa pamumuno ng Espiritu.

8. Itala ang bunga ng Espiritu.

   Mga Taga-Galacia 5:22,23 ____________________

   ____________________

9. Ano ang pinakadakila?

   1 Corinto 13:13 ____________________

10. Saan naninirahan ang Banal na Espiritu?

    1 Corinto 13:16 ____________________

Ang Banal na Espiritu ng Diyos ay hindi naninirahan sa gusali o bato. Siya ay naninirahan sa mga tao! **Tayo** ang templo ng Diyos, at naipapakita natin na tayo ang Kanyang templo kung makikita sa buhay natin ang bunga ng Espiritu. Ginamit sa 1 Corinto 3:16 ang salitang *kayo*. Marahil yan ay dahil mahirap isagawa ang mga katangian gaya ng pag-ibig, kapayapaan, pagtitiis, at kabutihan sa pamamagitan ng sarili nating pagsisikap.

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Nakikita mo ba ang katotohanan ng bunga ng Espiritu sa buhay mo? Ano ang nakita mo na sa iyong sarili? Ano ang kailangan mo pang palakasin?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

## IKATLONG ARALIN

### ESPIRITUWAL NA MGA KALOOB

FOR STUDY PURPOSES

Ang **bunga** ng Espiritu ay nagpapakita ng mga **katangian** ng Diyos (pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, at iba pa). Ang **kaloob** ng Espiritu ay nagpapakita ng **kapangyarihan** ng Diyos. Bilang Kanyang mga kinatawan sa lupa, dapat ay pareho silang lumalago sa buhay natin. Ang bunga at ang mga kaloob ng Espiritu ay ibinigay para sa kabutihan ng lahat upang ang bawat isa ay makatulong sa pagtataguyod ng katawan ni Cristo.

1. Itala ang mga espirituwal na kaloob na sinabi ni Pablo sa mga Taga-Roma.

   Mga Taga-Roma 12:6-8 ______________________________

   ________________________________________

2. Itala ang mga kaloob para sa pamumuno na inilagay ng Diyos sa iglesya.

   Mga Taga-Efeso 4:11-12. ____________________________

   ________________________________________

3. Itala ang mga pagpapakita ng Espiritu na ibinigay para sa kabutihan ng lahat.

   1 Corinto 12:4-11 ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

4. Ano ang dapat na pag-uugali natin tungkol sa espirituwal na mga kaloob?

   1 Corinto 14:1 ______________________________

   ______________________________

5. Ano ang dapat magtulak sa atin upang hangarin ang pagkakaroon at paggamit ng mga espirituwal na kaloob?

   1 Corinto 13:1,2 ______________________________

   ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

Basahin ang 1 Corinto 14.

6. Ano ang sinasabi ni Pablo tungkol sa kaloob ng Banal na Espiritu na pagpapahayag ng mensahe ng Diyos?

   1 Corinto 14:

   v.1 ______________________________

   v.3 ______________________________

   ______________________________

   v.4 ______________________________

   v.31 ______________________________

   vv.39,40 ______________________________

   ______________________________

7. Ano ang sinasabi ni Pablo tungkol sa kaloob ng Banal na Espiritu na pagsasalita sa ibang wika?

   1 Corinto 14:

   v.2 ______________________________

   ______________________________

v.4 ____________________

v.5 ____________________

v.13 ____________________

v.14 ____________________

v.15 ____________________

vv.39,40 ____________________

8. Ano ang hindi natin dapat gawin?

   1 Tesalonica 5:19,20 ____________________

   ____________________

   Mga Taga-Efeso 4:30 ____________________

9. Ano ang ipinangako ni Jesus na mangyayari sa Kanyang mga disipulo kapag sila ay napuspos ng Banal na Espiritu?

   Mga Gawa 1:8____________________

   ____________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Naranasan mo na ba ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa buhay mo? Paano? Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

____________________

____________________

____________________

____________________

IKA-APAT ARALIN

## ANG BAUTISMO NG BANAL NA ESPIRITU

1. Ano ang ipinangako ni Juan na Tagapagbautismo na gagawin ni Jesus?

   Mateo 3:11 ______________________________

2. Paano inilarawan ni Pedro ang pagtatagpo ng mga hindi Judio at ng Banal na Espiritu?

   Mga Gawa 11:15-17 ______________________________

3. Ano ang sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na kailangan nilang gawin matapos Niyang umakyat sa langit?

   Lucas 24:49 ______________________________

   Mga Gawa 1:4,5 ______________________________

4. Basahin ang mga sumusunod na limang salaysay ng mga tao na tumanggap sa Banal na Espiritu ayon sa aklat ng Mga Gawa. Paano nila tinanggap ang Espiritu? Ilarawan kung ano ang nangyari nang tanggapin ng mga tao sa mga kwentong ito ang Espiritu ng Diyos.

   Mga Gawa 2:1-6______________________________

   ______________________________

   Mga Gawa 8:14-19______________________________

   Mga Gawa 9:17-19______________________________

   Mga Gawa 10:44-48______________________________

   Mga Gawa 19:1-6______________________________

   ______________________________

5. Kanino ibinibigay ng Ama ang Banal na Espiritu?

   Lucas 11:13______________________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Hiningi mo na ba sa Diyos ang Banal na Espiritu? Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

FOR STUDY PURPOSES

# 5 ANG KAGUTUMANG ESPIRITUWAL AT ANG SALITA NG DIYOS

97 Iniibig ko ang inyong kautusan. Palagi ko
itong pinagbubulay-bulayan. 98 Ang mga utos
n'yo ay nasa puso ko, kaya mas marunong
ako kaysa sa aking mga kaaway . . . 105 Ang
salita n'yo ay katulad ng ilaw na nagbibigay-
liwanag sa aking dadaanan . . . 114 Kayo ang
aking kanlungan at pananggalang; ako'y
umaasa sa inyong mga salita.

MGA SALMO 119:97,98,105,114

Pero sumagot si Jesus, "Sinasabi sa Kasulatan, 'Hindi lang sa pagkain nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng Diyos.'"

MATEO 4:4

FOR STUDY PURPOSES

Ang Bibliya ay higit pa sa aklat na nagbibigay ng panuntunan o mga patakaran. Higit pa ito sa mga inipon na mga kuwento, tula, at liham. Ito ay tinig ng Diyos na nangungusap sa atin. Iyan ang dahilan kung bakit ang Bibliya ang tinaguriang "Salita ng Diyos."

Sa Mga Salmo 119, ipinakita sa atin ni Haring David, ang hari ng mga Israelita, kung paano natin dapat ituring ang Bibliya.

Nakita ni David ang Salita ng Diyos bilang pinagmumulan ng buhay at pag-asa. Siya ay nasiyahan dito. Patuloy niyang pinagbulay-bulayan ang mga nakasulat dito. Naunawaan niya na nangungusap ang Diyos sa kanya sa pamamagitan nito.

Ang pinakamahalaga sa paksang ito? Nakikilala natin ang tinig ng Diyos sa ating buhay kapag binabasa natin ang Kanyang Salita.

## UNANG ARALIN

### ANG AWTORIDAD AT KAPANGYARIHAN NG KASULATAN

"Ang Salita ng Diyos" ay isang malaking konseptong hindi mabilis maintindihan. Hindi ito kayang bigyang kahulugan ng simple o isang linyang pahayag lamang. Tulad ng makikita natin sa araling ito, ang Bibliya ay tumutukoy sa "Salita ng Diyos" bilang ang kapangyarihan na lumikha ng buong daigdig. Ito rin ay katagang ginagamit ng mga Kristiyano upang ilarawan ang Bibliya.

Minsan, ang Salita ng Diyos ay tumutukoy sa pangkalahatang mensahe ng Diyos tungkol sa kaligtasan, na ipinahayag ng mga naunang tagasunod ni Jesus sa buong mundo, gaya ng makikita sa Mga Gawa 6:7 at 8:14. At minsan, ang Salita ay tumutukoy sa isang tao, gaya ng makikita sa Juan 1:14. Sa katangi-tanging pahayag na ito, matutuklasan natin na si **Jesus** ang Salita ng Diyos para sa atin.

Ang pundasyon ng anumang matatag na relasyon ay komunikasyon. Ang Salita ng Diyos, sa kabuuan nito, ay ang Kanyang pamamaraan ng pakikipag-usap sa atin.

1. Paano nalikha ang mundo ayon sa Bibliya?

   2 Pedro 3:5 ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

2. Saan naging masigasig ang mga unang tagasunod ni Jesus?

Mga Gawa 2:42 ______________________________________

______________________________________

3. Ano ang dalawang inuna ng mga unang pinuno ng iglesya?

Mga Gawa 6:4 ______________________________________

4. Ano ang nangyari habang patuloy na kumalat ang Salita ng Diyos?

Mga Gawa 6:7 ______________________________________

______________________________________

5. Ano ang ginawa ng Salita ng Panginoon sa Efeso habang nandoon si Pablo?

Mga Gawa 19:20 ______________________________________

______________________________________

6. Paano ibinigay sa atin ang Kasulatan?

2 Timoteo 3:16 ______________________________________

2 Pedro 1:20,21 ______________________________________

______________________________________

7. Ano ang sinasabi sa aklat ni Juan tungkol sa Salita?

Juan 1:1 ______________________________________

______________________________________

8. Sino ang Salita?

Juan 1:14 ______________________________________

9. Ano ang itinuturo ng sumusunod na mga pahayag tungkol sa Salita ng Diyos?

Mga Salmo 119:89 ______________________________________

Mga Salmo 119:160 ______________________________________

Isaias 40:8 ______________________________________

Isaias 55:11 ______________________________________

FOR STUDY PURPOSES

Mateo 24:35 ____________________________________________

Juan 17:17 ____________________________________________

10. Ano ang sinasabi ng manunulat ng Mga Hebreo tungkol sa Salita ng Diyos?

    Mga Hebreo 4:12 ________________________________________

    ________________________________________________________

    ________________________________________________________

11. Ano ang sinasabi ni Jesus na hahatol sa atin sa huling araw?

    Juan 12:48 ____________________________________________

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Maglaan ng oras upang pag-isipan kung ano ang kahulugan ng Salita ng Diyos para sa iyo.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

FOR STUDY PURPOSES

## IKALAWANG ARALIN

### ANG PAKINABANG NG KASULATAN

1. Ano ang iniutos ng Diyos kay Josue, at ano ang Kanyang ipinangako kung susunod siya?

    Josue 1:8 ____________________________________________

    ________________________________________________________

    ________________________________________________________

2. Ilarawan ang taong nagbubulay-bulay sa Salita ng Diyos.

   Mga Salmo 1:1-3 ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

3. Ano ang pakinabang ng Kasulatan?

   2 Timoteo 3:16,17 ______________________________

   ______________________________

4. Paano pinagtagumpayan ni Jesus ang tukso at tinalo ang diyablo?

   Mateo 4:1-11 ______________________________

Hindi ang pagsasa-ulo ng ilang "mahihiwagang" mga pahayag ang magsasaayos ng ating mga kalagayan. Mangyayari lamang ito kung pagbubulay-bulayan natin ang Kasulatan at makakaugalian natin ang tumanggap ng kalakasan at gabay mula rito, tulad ng ginawa ni Jesus nang tuksuhin Siya ng diyablo.

5. Paano makararanas ng tagumpay laban sa kasalanan ang mga mamamayan ng Diyos?

   Mga Salmo 119:9 ______________________________

   Mga Salmo 119:11 ______________________________

6. Itala ang ilan sa mga paraan kung paano nagiging kapakipakinabang ang salita ng Diyos sa mga mananampalataya.

   Mga Salmo 119:98-100 ______________________________

   ______________________________

   Mga Salmo 119:105 ______________________________

   Mga Salmo 119:165 ______________________________

   Mga Kawikaan 4:20-22 ______________________________

   ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## IKATLONG ARALIN

### KAGUTUMANG ESPIRITUWAL

Kung ang isang tao ay walang makain o mainom sa loob ng mahabang panahon, ang katawan niya ay manghihina at hindi magtatagal, siya ay mamamatay. Maitutulad ito sa espirituwal na kondisyon natin. Ang Salita ng Diyos ang ating espirituwal na pagkain at tubig. Tulad ng katiyakan ng ating kamatayan kung walang pagkain at tubig, tayo ay makararanas ng espirituwal na kamatayan kung wala ang Salita ng Diyos.

FOR STUDY PURPOSES

1. Ano ang pinakamimithi ni David?

   Mga Salmo 119:81 ______________________________

2. Paano isinalarawan ng mga anak ni Korah ang kalagayan ng kanilang mga kaluluwa?

   Mga Salmo 42:1,2 ______________________________

   ______________________________________________

3. Ano ang saloobin ng mang-aawit tungkol sa pagiging kapiling ang Diyos?

   Mga Salmo 84:1,2,10 ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

4. Sino ang sinasabi ni Jesus na tutulungan ng Diyos?

   Mateo 5:6 ______________________________

5. Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng *pagkagutom at pagkauhaw sa katuwiran*?

   ______________________________

   ______________________________

6. Ano ang sinabi ni David tungkol sa Salita ng Diyos at sa kahalagahan nito sa buhay niya?

   Mga Salmo 119:72 ______________________________

   Mga Salmo 119:103 ______________________________

   Mga Salmo 119:127 ______________________________

7. Isalarawan ang pagkagutom ni Job sa Salita ng Diyos.

   Job 23:12 ______________________________

   ______________________________

8. Ano ang sinabi ni Jeremias tungkol sa Salita ng Diyos?

   Jeremias 15:16 ______________________________

   ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

## IKA-APAT NA ARALIN

### PAGSUNOD

FOR STUDY PURPOSES

Basahin ang Santiago 1:22-25.

1. Ano ang nangyayari kung tayo ay *tagapakinig* lamang ng Salita?

   Santiago 1:22 ______________________________

2. Paano inilarawan ni Santiago ang mga nakikinig sa Salita ng Diyos ngunit hindi ito isinasapamuhay?

   Santiago 1:23,24 ______________________________

   ______________________________

3. Ano ang nangyayari sa mga nakikinig at nagsasapamuhay ng Salita?

   Santiago 1:25 ______________________________

4. Paano tumugon sa pangangaral nina Pablo at Silas ang mga Hudyo sa Berea? Gaano kadalas nila binabasa at pinag-aaralan ang Kasulatan?

   Mga Gawa 17:11 ______________________________

   ______________________________

Basahin ang Lucas 6:46-49.

5. Kung tinatawag natin si Jesus na Panginoon, ano ang dapat nating ginagawa?

   Lucas 6:46 ______________________________

6. Ilarawan kung ano ang mangyayari sa taong nakikinig sa mga salita ni Jesus at nagsasapamuhay nito.

   Lucas 6:47,48 ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

7. Ilarawan kung ano ang mangyayari sa taong nakikinig sa mga salita ni Jesus subalit hindi naman ito isinasapamuhay.

   Lucas 6:49 ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

8. Kung patuloy tayong susunod sa salita ni Jesus, ano ang mangyayari?

   Juan 8:31,32 ______________________________

   ______________________________

9. Ano ang katibayan ng pagmamahal natin kay Jesus?

   Juan 14:21,23,24 ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

FOR STUDY PURPOSES

# 6 PAGDIDISIPULO AT PAMUMUNO

[27]Pagkatapos noon, umalis si Jesus at
nakita niya ang maniningil ng buwis na ang
pangalan ay Levi. Nakaupo siya sa lugar na
pinagbabayaran ng buwis. Sinabi ni Jesus sa
kanya, "Sumunod ka sa akin." [28]Tumayo si
Levi, iniwan ang lahat at sumunod kay Jesus.

LUCAS 5:27,28

[23]Pagkatapos, sinabi niya sa kanilang lahat,
"Ang sinumang gustong sumunod sa akin ay
hindi dapat inuuna ang sarili. Ang dapat ay
handa siyang humarap kahit sa kamatayan
alang-alang sa pagsunod niya sa akin
araw-araw. [24]Sapagkat ang naghahangad
magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan
nito. Ngunit ang taong nagnanais mag-alay
ng kanyang buhay alang-alang sa akin ay
magkakaroon ng buhay na walang hanggan."

LUCAS 9:23,24

Kaya nga, tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Cristo.

1 CORINTO 11:1

FOR STUDY PURPOSES

Tinawag tayo ni Jesus upang "*puntahan ang lahat ng mga lahi at gawin silang tagasunod Niya*." Ang kautusan na ito ang nagtulak sa mga unang tagasunod ni Cristo tungo sa isang mapamaraang misyon na bumago sa buong mundo, hindi lamang sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo, kundi sa pamamagitan ng paghahanda ng mga bagong mananampalataya. Ang pagiging isang Kristiyano ay pagiging isang disipulo, isang mag-aaral at tagasunod ni Jesus, habambuhay.

## UNANG ARALIN

### ANG TAWAG: PAGTULONG SA MGA TAO NA SUMUNOD KAY JESUS

FOR STUDY PURPOSES

1. Ano ang ipinagawa ni Jesus sa mga tagasunod Niya?

   Mateo 28:19 ______________________________________

   ______________________________________

2. Ano ang malinaw na sinabi ni Jesus na dapat nating gawin matapos mabautismuhan ang isang bagong mananampalataya?

   Mateo 28:20 ______________________________________

3. Ano ang naging bunga ng patuloy na paglaganap ng Salita ng Diyos sa Jerusalem noong unang siglo?

   Mga Gawa 6:7 ______________________________________

   ______________________________________

Basahin ang 2 Timoteo 2:2-6.

4. Ano ang iniutos ni Pablo na gawin ni Timoteo tungkol sa mga itinuro niya sa kanya?

   2 Timoteo 2:2 ______________________________________

Inihambing ni Pablo ang buhay ng isang disipulo sa buhay ng isang sundalo, atleta, at magsasaka. Ipinangako niya na kung pag-iisipan ni Timoteo ang mga ito, bibigyan siya ng Panginoon ng pang-unawa.

5. Ano ang itinuturo ng mga pagsasalarawang ito tungkol sa pagdidisipulo.

   Sundalo: ______________________________________________

   ______________________________________________________

   Atleta: _______________________________________________

   ______________________________________________________

   Magsasaka: ____________________________________________

   ______________________________________________________

6. Ano ang pakinabang ng Kasulatan?

   2 Timoteo 3:16 _________________________________________

   ______________________________________________________

7. Ayon kay Jesus, paano natin malalaman na tayo ay tunay na mga disipulo?

   Juan 8:31 _____________________________________________

8. Paano magiging katulad ng kanilang guro ang mga disipulo?

   Lucas 6:40 ____________________________________________

9. Paano isinalarawan ni Jesus ang tao na nakikinig sa Kanyang mga Salita at sumusunod dito?

   Lucas 6:48 ____________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

FOR STUDY PURPOSES

10. Paano isinalarawan ni Jesus ang tao na nakikinig sa Kanyang mga Salita subalit hindi sumusunod dito?

    Lucas 6:49 ______________________________

    ______________________________

    ______________________________

Inihalintulad ni Jesus ang mga taong sumusunod sa Kanyang salita sa isang tao na naghukay ng malalim, at naglagay ng pundasyon ng kanyang bahay sa bato. Ito ang pinakamahalagang bahagi ng isang bahay. Ito ang dahilan kung bakit, bilang isang disipulo, dapat tayong magtayo ng isang matatag na espirituwal na pundasyon. Ang mga araling ito sa Bibliya ay isinulat upang makapagtatag ng magandang pundasyon para sa ating buhay Kristiyano. Kung ikaw ay nagdidisipulo rin ng iba, may pagkakataon ka upang sila ay tulungan na makapag-lagay ng pundasyon para sa walang hanggang relasyon kay Jesu-Cristo.

11. Para saan tayo tinawag ni Cristo? Bakit Niya tayo tinawag para dito?

    2 Timoteo 1:9 ______________________________

    ______________________________

12. Ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa mga *nakay Cristo*?

    2 Corinto 5:17 ______________________________

    ______________________________

Tayo ay tinawag para sa bagong buhay. Hindi lamang tayo pinatawad sa ating mga kasalanan. Tayo ay binigyan ng bagong puso. At ang ating bagong puso ay mananabik na sumunod kay Cristo.

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ilarawan gamit ang sarili mong mga salita kung ano ang pagkakaintindi mo sa pagiging isang disipulo.

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

## IKALAWANG ARALIN

### ANG KABAYARAN: GANAP NA PAGPAPASAKOP

1. Ano ang tatlong bagay na ayon kay Jesus ay kailangang gawin ng lahat ng mga disipulo Niya upang sumunod sa Kanya?

   Marcos 8:34 ______________________________

   ______________________________

2. Gaano kadalas dapat pasanin ng sinumang gustong maging disipulo ang kanyang krus?

   Lucas 9:23 ______________________________

Ang pagpasan ng sariling krus ay isang ganap na tanda ng pagsuko, isang desisyon na hindi unahin ang sarili at mamuhay para kay Cristo. Nangangahulugan ito ng bukal sa kalooban na pagsunod kay Cristo anuman ang kahantungan nito.

Basahin ang Lucas 14:27-33.

3. Inihalintulad ni Jesus ang pagdidisipulo sa isang digmaan. Bakit?

   Lucas 14:31,32 ______________________________

   ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

4. Saan pa inihalintulad ni Jesus ang pagdidisipulo?

   Lucas 14:28 ______________________________

   ______________________________

5. Ano ang dapat muna nating gawin bago tayo magtayo ng anumang bagay?

   Lucas 14:28-33 ______________________________

6. Ano ang ibig sabihin ng pagbilang sa kabayaran ng pagiging isang disipulo?

   ______________________________

   ______________________________

7. Ano ang naging kabayaran ng pag-sunod mo kay Cristo? Ano ang handa kang isuko upang sumunod kay Jesus?

   ______________________________

   ______________________________

8. Pagdating sa pagdidisipulo, bakit mahalaga na matapos natin ang anumang sinimulan natin?

   Lucas 14:29,30 ______________________________

   ______________________________

9. Sino ang hindi maaaring maging disipulo?

   Lucas 14:27,33 ______________________________

   ______________________________

Mahalagang maintindihan natin kung ano ang sinasabi at mga hindi sinasabi sa mga pahayag na ito. Tayo ay tinawag ng Diyos sa Kanyang kaharian sa pamamagitan ng Kanyang biyaya. Ang *muling kapanganakan* (Juan 3:3) ay nangangahulugan ng pagkakaroon natin ng bagong buhay. Bagama't ang kaligtasan ay isang libreng kaloob, nagkakahalaga ito ng lahat sa buhay natin.

FOR STUDY PURPOSES

Huwag magkakamali. Hindi natin kayang bilhin ang pagmamahal at kapatawaran ng Diyos. Subalit si Jesus ay hindi nagpapaliguy-ligoy. Nagkakahalaga ng lahat sa ating buhay ang pagsunod sa Kanya. Kung nais nating maging mga disipulo ni Jesus, hindi tayo maaaring magkaroon ng iba pang diyos maliban sa Kanya.

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

FOR STUDY PURPOSES

## IKATLONG ARALIN

### ANG PAGDIDISIPULO AT ANG KRUS

Mayroong pagkakaiba sa pagitan ng krus ni Cristo at ng krus na pinapasan natin bilang mga disipulo Niya. Dahil sa tagumpay ni Cristo sa krus, tayo ay napalaya sa kasalanan at naging mga *alipin ng katuwiran* (Mga Taga-Roma 6:17,18). Binigyan Niya tayo ng kapangyarihan na pasanin ang ating mga krus at sumunod sa Kanya.

1. Ano ang nangyari sa krus?

   Mga Taga-Colosas 2:13-15 ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

2. Paano inilarawan ni Pablo ang kanyang mensahe sa mga taga-Corinto?

   1 Corinto 2:1,2 ______________________________

   ______________________________

3. Ano ang mensahe ng krus sa mga napapahamak? Ano naman para sa mga naliligtas?

   1 Corinto 1:18 ______________________________

   ______________________________

Ang krus ay *kahangalan* sapagkat binubuwag nito ang sarili nating pagsusumikap. Tayo ay namamangha sa kadakilaan na ginawa ng Diyos upang bayaran ang ating mga kasalanan at iligtas tayo mula sa kapangyarihan ng kasamaan.

4. Ano ang ipinagyabang ni Pablo?

   Mga Taga-Galacia 6:14 ______________________________

Noong una ay ipinagmalaki ni Pablo ang mga relihiyoso niyang nagawa. Matapos niyang makaharap at maunawaan ang krus, ang nagawa na lamang niyang maipagmalaki ay ang ginawa ni Cristo para sa kanya, at hindi ang anumang akala niya ay nagawa niya para sa Diyos.

5. Ano ang nangyari sa buhay ni Pablo bilang bunga ng kamatayan ni Jesus sa krus?

   Mga Taga-Galacia 6:14 ______________________________

   ______________________________

6. Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ni Pablo nang sabihin niya na *namatay siya kasama ni Cristo*?

   Mga Taga-Galacia 2:20 ______________________________

   ______________________________

7. Ano ang ibig niyang sabihin sa mga salitang, *Hindi na ako ang nabubuhay sa aking sarili, kundi si Cristo na*.

   Mga Taga-Galacia 2:20 ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano para sa iyo ang kahulugan ng pagkakapako kasama ni Jesus?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## IKA-APAT NA ARALIN

### KRISTIYANONG KATANGIAN

Ang mga disipulo ay magpapakita nito. Mahalagang pagyamanin natin ang bunga ng isang maka-diyos na pamumuhay habang sinusundan natin si Cristo sa pagdidisipulo.

Basahin ang 2 Pedro 1:3-11.

1. Ano ang ibinigay sa atin ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan?

   2 Pedro 1:3 ______________________________

2. Paano natin magagawang makibahagi sa kabanalan ng Diyos?

   2 Pedro 1:4 ______________________________

3. Ano ang maaari nating matakasan dahil dito?

   2 Pedro 1:4 ______________________________

   ______________________________

Ang pinakamahalagang tatak ng isang disipulo ni Cristo ay hindi ang karisma, kundi ang maka-diyos na pag-uugali. Hindi natin dapat maliitin ang kahalagahan ng kaloob ng Banal na Espiritu, subalit makikita ang tunay na tagasunod ni Jesus sa pamamagitan ng bunga ng Espiritu. Noong tinuturuan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo kung paano makikilala ang mga huwad na propeta, sinabi

FOR STUDY PURPOSES

Niya na, *"Kaya nga, makikilala ninyo ang mga huwad na propeta sa kanilang mga gawa"* (Mateo 7:19,20).

Marami ang mga mahuhusay subalit ang tunay na pagkakakilanlan ng tao ay ang kanyang pag-uugali, mga nakasanayang gawin, at uri ng pamumuhay. Bagama't ang bawat disipulo ay binigyan ng mga kaloob para sa ikabubuti ng buong iglesya, ang bunga ng isang maka-diyos na buhay ang dapat nating pagyamanin kung nais natin ng tatak bilang tunay na tagasunod ni Jesus.

Ang karisma ay mahalaga. Ang magandang pag-uugali ay kailangan.

4. Ano ang pangunahing "sangkap" na idinadagdag sa lahat ng kailangan natin para sa isang maka-diyos na pamumuhay?

   2 Pedro 1:5 ______________________________

5. Ano ang mga kinakailangang "idagdag" sa pananampalataya na itinala ni Pedro?

   2 Pedro 1:5-7 ______________________________

   ______________________________

6. Ano ang ipinangakong magiging bunga nang paglago ng mga maka-diyos na katangiang ito sa buhay mo?

   2 Pedro 1:8 ______________________________

   ______________________________

7. Ilarawan ang kalagayan ng mga taong hindi nagtataglay ng mga katangiang ito.

   2 Pedro 1:9 ______________________________

   ______________________________

8. Ano ang ipinangako sa mga magsasapamuhay ng mga maka-diyos na katangiang ito?

   2 Pedro 1:10,11 ______________________________

   ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

9. Bakit tayo kailangang magalak kahit pa dumaranas tayo ng mga paghihirap?

   Mga Taga-Roma 5:3,4 ____________________________________

   ____________________________________

10. Bakit sinabi ni Santiago na dapat tayong magalak sa tuwing dumaranas tayo ng pagsubok?

   Santiago 1:2,3 ____________________________________

11. Ano ang magiging bunga sa ating buhay ng pagiging matiisin?

   Santiago 1:4 ____________________________________

Ang pamamaraan ng espirituwal na paglago at pagkakaroon ng Kristiyanong pag-uugali ay makikita sa sumusunod:

| | |
|---|---|
| Santiago 1:2-4 | Mga paghihirap at pagsubok ng pananampalataya → Katatagan → Ganap, buo, walang pagkukulang |
| Mga Taga-Roma 5:3,4 | Pagdurusa → Katiyagaan → Magandang pag-uugali → Pag-asa |

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

____________________________________

____________________________________

____________________________________

____________________________________

FOR STUDY PURPOSES

IKALIMANG ARALIN

## PAGDIDISIPULO AT PAMUMUNO

Ang mga orihinal na disipulo ay naging mga dakilang pinuno. Ang kanilang mga buhay at mensahe ay bumago sa kanilang mundo. Subalit hindi sila nagsimula bilang mga pinuno. Nagsimula sila bilang mga disipulo. Sinumang nagnanais na mamuno ay kailangan munang matuto kung paano sumunod (Lucas 22:26,27).

Basahin ang Mateo 4:19,20.

1. Ano ang sinabi ni Jesus na dapat gawin ng mga unang disipulo?

   Mateo 4:19 ____________________

2. Ano ang ipinangako ni Jesus na gagawin Niya para sa Kanyang mga tagasunod kung sila ay tutugon?

   Mateo 4:19 ____________________

3. Paano tumugon ang mga unang disipulo sa ipinag-utos at ipinangako ni Jesus?

   Mateo 4:20 ____________________

FOR STUDY PURPOSES

Matapos ang panahon ng personal na pagdidisipulo, pinadala sila ni Jesus upang gawin din kung ano ang mga nakita nilang ginawa Niya.

4. Ano ang ibinigay ni Jesus na kapangyarihan sa Kanyang mga disipulo?

   Mateo 10:1 ____________________

   ____________________

5. Ano ang ginawa nila sa kapangyarihang ito?

   Marcos 6:7,12,13 ____________________

   ____________________

   ____________________

6. Nais ba ni Jesus na sumunod at manood lamang sa Kanya ang mga disipulo Niya habang Siya ay naglilingkod, o nais Niya na sila ay manood, matuto, at gawin din ang lahat ng mga nakita nilang ginawa Niya?

______________________________________________

Ang pangunahing tawag ng pagdidisipulo ay ang personal na pagsunod kay Jesus at pagtuturo sa iba habang ginagawa ito.

7. Ikaw ba ay bahagi ng isang *Victory group*? Sino ang namumuno nito? Kailan at saan kayo nagkikita-kita?

______________________________________________

______________________________________________

Basahin ang Mateo 28:18-20.

8. Ano ang sinabi ni Jesus sa grupo na Kanyang dinidisipulo bago Niya iwan ang mundo?

   Mateo 28:19 ____________________________________

   ______________________________________________

9. Ano ang dapat nating ituro sa mga tao na dinidisipulo natin?

   Mateo 28:20 ____________________________________

10. Ano ang kaibahan ng pagtuturo ng mga kaalaman lamang at pagtuturo sa iba na sumunod sa mga utos ng Diyos?

   Mateo 28:20 ____________________________________

   ______________________________________________

11. Ano ang huling ipinangako sa lahat ng mga magtuturo sa iba kung paano sumunod kay Cristo?

   Mateo 28:20 ____________________________________

FOR STUDY PURPOSES

Ang pagdidisipulo ay isang pundasyon sa Kristiyanismo, ngunit sa kailaliman nito, ito ay isang simpleng konsepto. Sa katunayan, ito ay sobrang simple na dalawang libong taon ang nakaraan, ipinaliwanag ito ni Jesus sa isang grupo ng mangingisda gamit ang isang pangungusap, *"Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mangingisda ng mga tao"* (Mateo 4:19). Ang pagiging isang disipulo ay pagsunod kay Jesus, pagtulong sa mga naliligaw ng landas, at paggawa ng mga ito kasama ang iba pang mga mananampalataya.

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

FOR STUDY PURPOSES

# 7 ESPIRITUWAL NA PAMILYA AT BUHAY IGLESYA

"At ngayon sinasabi ko sa iyo na ikaw si Pedro, at sa batong ito, itatayo ko ang aking iglesya, at hindi ito malulupig kahit ng kapangyarihan ng kamatayan."

MATEO 16:18

[42]Naging masigasig sila sa pag-aaral ng mga
itinuturo ng mga apostol, sa pagtitipon
bilang magkakapatid, sa paghahati-hati ng
tinapay, at sa pananalangin. [43]Maraming
himala at kamangha-manghang ginawa ang
Diyos sa pamamagitan ng mga apostol.
Kaya namuhay ang mga tao nang may
paggalang at takot sa Diyos. [44]Maganda ang
pagsasamahan ng mga mananampalataya,
at pinag-isa nila ang kanilang mga ari-arian
para makabahagi ang lahat. [45]Ipinagbili nila
ang kanilang mga lupa at mga ari-arian, at
ang pera'y ipinamahagi nila sa kanilang mga
kasama ayon sa pangangailangan ng bawat
isa. [46]Araw-araw, nagtitipon sila sa templo
at naghahati-hati ng tinapay sa kanilang
mga bahay. Lubos ang kagalakan nila sa

FOR STUDY PURPOSES

> kanilang pakikibahagi sa pagkain, [47]at palagi silang nagpupuri sa Diyos. Nagustuhan sila ng lahat ng tao. Araw-araw ay idinaragdag sa kanila ng Panginoon ang mga taong kanyang inililigtas.
>
> MGA GAWA 2:42-47

> [4]Sapagkat iisang katawan lamang tayo na may iisang Banal na Espiritu, at iisa rin ang pag-asang ibinigay sa atin nang tawagin tayo
> ng Diyos. [5]Iisa ang Panginoon natin, iisang
> pananampalataya, at iisang bautismo. [6]Iisa
> ang Diyos natin at siya ang Ama nating lahat. Naghahari siya, kumikilos at nananahan sa ating lahat.
>
> MGA TAGA-EFESO 4:4-6

FOR STUDY PURPOSES

Ipinangaral ni Pedro ang kauna-unahang mensahe sa iglesya sa Bagong Tipan. Tinawag niya ang kanyang mga tagapakinig upang magsisi, magpabautismo, at tumanggap ng Banal na Espiritu. Ang lahat ng tumugon ay nadagdag sa lokal na kinatawan ng mga mananampalataya, na tinaguriang iglesya. Ang lahat ng naliligtas, nababautismuhan, at napupuspos ng Banal na Espiritu ay dapat na maging bahagi ng iglesya, ang samahan ng mga mananampalataya.

Bakit? Dahil hindi tayo nilikha upang mamuhay bilang Kristiyano nang mag-isa. Hindi tayo itinakda na sumunod kay Jesus nang mag-isa. Tulad ng ating matutuklasan sa araling ito, ang unang iglesya ay kumilos bilang isang komunidad. Hindi lamang sila nagkita-kita minsan sa isang linggo. Sama-sama silang namuhay. Tinuruan, pinalakas ang loob, at tinugunan nila ang pangangailangan ng isa't isa.

Gaya ng pagpili ng Diyos sa mga magiging magulang at kapamilya natin, pinili rin Niya ang espirituwal na pamilya na kabibilangan natin. Ang iglesya ang instrumento ng Diyos para sa pagpapalaganap ng Kanyang kaharian. Wala Siyang ikalawang plano o "plan B." Ang iglesya ang natatanging lugar para sa buhay Kristiyano. Walang sinumang Kristiyano na namumuhay mag-isa ang may kakayahang maging isang tunay na disipulo ni Cristo. Ang lahat ng tunay na naghahangad na sumunod kay Cristo ay kinakailangang mahanap ang kanilang lugar sa pamilya ng iglesya.

## UNANG ARALIN

### ANG MATAGUMPAY NA IGLESYA

1. Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa Kanyang matagumpay na iglesya?

   Mateo 16:18 ________________________________

   ________________________________

2. Sino ang *Bato*?

   1 Corinto 10:4 ________________________________

3. Sino ang *pundasyon*?

   Mga Taga-Efeso 2:20 ________________________________

4. Saan inihalintulad ni Pablo ang pagmamahal ni Jesus sa iglesya?

   Mga Taga-Efeso 5:25-28 ________________________________

5. Paano inilarawan ni Pablo ang kahahantungan ng iglesya?

   Mga Taga-Efeso 5:26,27 ________________________________

   ________________________________

Basahin ang Mga Gawa 2:42-47.

FOR STUDY PURPOSES

6. Sa anong bagay naging masigasig ang unang iglesya?
   Mga Gawa 2:42 ______________________________
   ______________________________

7. Isalarawan ang buhay ng unang iglesya. Mga Gawa 2:
   v. 43 ______________________________
   ______________________________
   v. 44 ______________________________
   ______________________________
   v. 45 ______________________________
   ______________________________
   v. 46 ______________________________
   ______________________________
   v. 47 ______________________________
   ______________________________

8. Isulat ang iyong opinyon tungkol sa pagiging mapagbigay ng sinaunang iglesya.
   Mga Gawa 4:32-37 ______________________________
   ______________________________
   ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Bahagi ka ba ng isang komunidad ng iglesya? Kung gayon, sa anong paraan natutulad ang iyong iglesya sa inilarawan sa aklat ng Mga Gawa 2:43-47 at 4:32-37? Sa anong paraan ito naiiba? Ano ang natutunan mo mula sa sinaunang iglesya?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

## IKALAWANG ARALIN

### ANG KATAWAN NI KRISTO

FOR STUDY PURPOSES

Basahin ang 1 Corinto 12:14-27.

1. Ano ang tawag ni Pablo sa mga mamamayan ng Diyos?

   1 Corinto 12:27 ________________________________

Sinasabi sa Bibliya na ang iglesya ay ang katawan ni Cristo at ang bawat tao ay bahagi ng katawan at may naiibang bagay na maaaring gawin upang makatulong. Iyan ang dahilan kung bakit ang pagkabilang sa isang komunidad ng iglesya ay napakahalaga upang magawa nating sumunod kay Jesus. Kapag tayo ay "nagsasarili," hindi lamang natin sinasaktan ang ating mga sarili kundi pati na rin ang katawan ng Diyos. Ito ay tulad din ng pagputol ng isang daliri o kaya ay pagdukot ng isang mata.

2. Ano ang sinabi ni Pablo na kahalagahan ng bawat bahagi ng katawan ni Cristo?

   1 Corinto 12:14-20 ______________________________

   ____________________________________________

3. Sino ang gumagawa ng desisyon kung paano kikilos ang bawat bahagi?

   1 Corinto 12:18 ____________________________________________

4. Ano ang sinabi ni Pablo sa mga naniniwala na hindi nila kailangan ang iba pang bahagi ng katawan?

   1 Corinto 12:21 ____________________________________________

5. Ano ang sinabi ni Pablo sa mga bahagi ng katawan *na nanghihina*?

   1 Corinto 12:22-24 __________________________________________

6. Paano dapat makitungo sa isa't isa ang bawat bahagi ng katawan?

   1 Corinto 12:25,26 __________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

Pinahahalagahan ng Diyos ang pagkakaiba-iba sa iglesya, iba't ibang tao na may iba't ibang estado sa buhay na nagdadala ng iba't ibang mga kaloob at talento sa katawan ni Cristo. Kasing halaga nito ang hindi matitinag na pagkaka-isa dahil si Cristo ang pundasyon ng lahat.

FOR STUDY PURPOSES

7. Ilista ang pitong "iisa" na nakasulat sa Mga Taga-Efeso 4:4-6.

   Iisang ______________________________________________________

   Iisang ______________________________________________________

   Iisang ______________________________________________________

   Iisang ______________________________________________________

   Iisang ______________________________________________________

   Iisang ______________________________________________________

   Iisang ______________________________________________________

8. Ano ang dapat nating gawin upang mapanatili ang pagkakaisa sa Banal na Espiritu?

   Mga Taga-Efeso 4:3___________________________________________

9. Ano ang ipinanalangin ni Jesus tungkol sa pagkakaisa ng Kanyang mga disipulo?

   Juan 17:20,21 ____________________________________________

   ____________________________________________

10. Ano ang tawag ng Panginoon sa sinumang nagpapalaganap ng pagtatalo, na siyang nagdudulot ng kawalan ng pagkakaisa?

    Mga Kawikaan 16:28 ____________________________________________

11. Ang Mga Kawikaan ay nagtala ng pitong bagay na kasuklam-suklam sa Panginoon? Ano ang ika-pito dito?

    Mga Kawikaan 6:16-19 ____________________________________________

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang tungkulin na sa palagay mo ay nais ng Diyos na gampanan mo sa Kanyang iglesya? Ano ang mga kakayahang ibinigay sa iyo ng Diyos? Subukang tanungin ang isa sa mga Kristiyanong kaibigan mo na nakakakilala sa iyo ng mabuti kung ano sa tingin niya ang kakayahang ibinigay ng Diyos sa iyo.

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

FOR STUDY PURPOSES

## IKATLONG ARALIN

### ANG PAMUMUNO SA IGLESYA

Ang unang iglesya ay hindi lamang isang organisasyon kundi isang buhay na organismo na pinalakas ng Banal na Espiritu ng Diyos. Ganyan dapat ang iglesya ngayon. Gayunpaman, kung walang organisasyon at balangkas, kahit ang isang pagkilos na ginagabayan ng Espiritu ay maaari pa ring mauwi sa kaguluhan.

Ang unang iglesya sa Jerusalem ay nagbigay ng isang halimbawang hindi mapipintasan tungkol sa katotohanang ito sa Mga Gawa 6:1-7. Araw-araw, ang mga mananampalataya ay namahagi ng pagkain sa mga balo sa kanilang komunidad. (Noong unang siglo, ang mga balo ay may maliit lamang na pinagmumulan ng pantustos ng kanilang pangangailangan, minsan ay wala pa). Ngunit ang iba sa mga balo ay napapabayaan. Alam ng labing-dalawang mga apostol, o mga pinuno ng unang simbahan, na hindi nila magagampanan ang ilang mahahalagang gawain kung nakatuon lamang ang kanilang pansin sa *pangangaral ng Salita* ng Diyos. Dahil dito, inatasan nila ang ilan nilang miyembro upang pangalagaan ang mga balo. Ito ay isang madamdaming larawan ng pagkakaraoon ng iba't ibang uri ng tao na may iba't ibang kakayahan na naglilingkod sa katawan ni Cristo sa iba't ibang pamamaraan.

FOR STUDY PURPOSES

Basahin ang Mga Taga-Efeso 4:11-16.

1. Ano ang limang tungkulin ng awtoridad at pamumuno na ibinigay ng Diyos sa iglesya?

   Mga Taga-Efeso 4:11 ______________________________

   ______________________________

2. Ano ang tungkulin ng mga namumunong ito?

   Mga Taga-Efeso 4:12 ______________________________

3. Gaano katagal iiral ang mga kaloob na ito sa iglesya?

   Mga Taga-Efeso 4:13 ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

4. Ano ang bunga ng pagiging kaanib ng isang iglesya kung saan umiiral ang limang paglilingkod na ito?

   Mga Taga-Efeso 4:14 ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

5. Paano lumalago ang katawan ni Cristo?

   Mga Taga-Efeso 4:16 ________________________________________

   ________________________________________

Basahin ang Tito 1:5-9 at 1 Timoteo 3:1-7.

6. Bakit iniwan si Tito sa Creta?

   Tito 1:5 ________________________________________

   ________________________________________

7. Ilarawan ang mga katangian na dapat taglay ng isang nakatatanda sa iglesya?

   Tito 1:6-9; 1 Timoteo 3:2-7 ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

8. Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa buhay may-asawa, mga anak, at tahanan ng isang nakatatanda sa iglesya?

   ________________________________________

   ________________________________________

9. Ano ang pangaral ni Pedro sa mga nakatatanda sa iglesya?

   1 Pedro 5:1-4 ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

## IKA-APAT NA ARALIN

### DISIPLINA SA IGLESYA

1. Ano ang ilan sa mga responsibilidad ng mga pastor, nakatatanda sa pananampalataya, at mga espirituwal na mga pinuno?

   Juan 21:15-17 ______________________________

   Mga Gawa 20:28 ______________________________

   Ezekiel 33:1-9 ______________________________

   Ezekiel 34:2-5 ______________________________

2. Paano dapat makipag-ugnayan ang mga miyembro ng iglesya sa kanilang pastor, nakatatanda sa pananampalataya, at mga espirituwal na mga pinuno?

   1 Tesalonica 5:12,13 ______________________________

   1 Tesalonica 5:25 ______________________________

   1 Timoteo 5:17,18 ______________________________

   ______________________________

   Mga Hebreo 13:7 ______________________________

   Mga Hebreo 13:17 ______________________________

3. Sino ang pinuno ng iglesya?

   Mga Taga-Efeso 4:15 ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

4. Ano ang pundasyon ng iglesya?

   1 Corinto 3:10,11 ____________________

Ang iglesya ay itinakda upang maging isang komunidad ng mga tao na tumutulong sa isa't isa upang mas mapalapit sa Diyos. Sa madaling salita, ang proseso ng *sanctification* o pagpapabanal na tinalakay sa ikalawang kabanata ay isang bagay na hindi natin kayang gawin nang mag-isa.

Kahit sa anumang komunidad, ang tao ay makakasakit ng kanyang kapwa, o kaya ay bibiguin ang isa't isa. Hindi ligtas dito ang iglesya. Ang magandang balita ay ang Bibliya ang nagsisilbing gabay para sa tamang pagtugon sa samaan ng loob, kasalanan, at pagkakawatak-watak sa loob ng iglesya. Minsan ang kaparaanang ito ay tinaguriang "disiplina sa iglesya" o "pananagutan." Ang layunin ay hindi nagbabago: ang hikayatin ang pagsisisi, pagpapagaling sa mga may karamdaman, at pagkakasundo.

FOR STUDY PURPOSES

5. Ano ang dapat nating gawin kung ang kapatid natin ay may hinanakit sa atin?

   Mateo 5:23,24 ____________________

6. Ano ang tatlong mga hakbang na dapat isagawa upang harapin ang kasalanan sa iglesya?

   Mateo 18:15-17

   v. 15 ____________________

   v. 16 ____________________

   v. 17 ____________________

   ____________________

7. Ano ang dapat mangyari sa isang miyembro ng iglesya na patuloy sa pagiging masama at imoral?

   1 Corinto 5:9-13 ____________________

Basahin ang Mga Hebreo 12:8-11.

8. Kung tayo ay hindi dinidisiplina, ano tayo?

Mga Hebreo 12:8 ______________________________________________

______________________________________________________________

9. Ano ang napapasa-atin bilang bunga ng pagdidisiplina?

Mga Hebreo 12:10 _____________________________________________

10. Ano ang ibubunga sa huli ng pagdidisiplinang ito?

Mga Hebreo 12:11 _____________________________________________

______________________________________________________________

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

FOR STUDY PURPOSES

## IKA-LIMANG ARALIN

### BANAL NA KOMUNYON

Noong gabi bago Siya namatay, nagkasalu-salo para sa kanilang huling hapunan si Jesus at ang Kanyang mga disipulo. Habang sila ay naghahapunan, kinuha Niya ang tinapay, pinira-piraso ito at ipinasa-pasa paikot sa mesa. Sinabi Niya sa Kanyang mga disipulo na kunin at kainin ang tinapay. Sinabi Niya, *". . . ito ang aking katawan."* Makalipas ang ilang sandali, ipinasa Niya ang inumin, sinabihan ang bawat isa na uminom, sabay sabing, *"ito ang aking dugo . . . katibayan ito ng bagong kasunduan ng Diyos sa mga tao."* (Mateo 26:26-29).

Sinabihan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo na kumain at uminom bilang pag-alala sa Kanya. Ito ay madalas na tawaging "komunyon," at ito ay kumakatawan sa sakripisyo ni Jesus sa krus, maging sa ating bagong buhay at bagong relasyon sa Kanya. Hanggang sa mga araw na ito, ang mga tagasunod ni Jesus ay nagsasagawa ng "komunyon" bilang pagsunod sa Kanya.

1. Saan naging masigasig ang unang mga disipulo?

   Mga Gawa 2:42 ______________________________

   ______________________________

Basahin ang 1 Corinto 11:23-32.

2. Ano ang ipinapahayag natin sa tuwing tayo ay nagkokomunyon?

   1 Corinto 11:26 ______________________________

3. Ano ang nangyayari sa tuwing tatanggap tayo ng komunyon nang hindi karapat-dapat?

   1 Corinto 11:27 ______________________________

   ______________________________

4. Ano ang dapat nating gawin sa tuwing tumatanggap tayo ng komunyon?

   1 Corinto 11:28 ______________________________

5. Ano ang nangyayari kung tayo ay tatanggap ng komunyon nang walang pagpapahalaga sa katawan ng Panginoon at walang pagtalikod sa kasalanan.

   1 Corinto 11:29 ______________________________

6. Ano ang nangyayari sa marami bilang bunga nito?

   1 Corinto 11:30 ______________________________

7. Paano natin maiiwasan ang kaparusahan ng Diyos?

   1 Corinto 11:31 ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

8. Kapag pinarurusahan o dinidisiplina ng Diyos ang Kanyang mga anak, ano ang Kanyang motibo?

   1 Corinto 11:32 ________________________________

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

FOR STUDY PURPOSES

# 8 PANANALANGIN AT PAGSAMBA

4Magalak kayong lagi sa Panginoon! Inuulit
ko, magalak kayo! 5Ipakita n'yo sa lahat ang
kagandahang-loob ninyo. Malapit nang
dumating ang Panginoon! 6Huwag kayong
mag-alala sa anumang bagay. Sa halip, ilapit
sa Diyos ang lahat ng pangangailangan
n'yo sa pamamagitan ng panalangin na
may pasasalamat.

MGA TAGA-FILIPOS 4:4-6

Gusto kong sa lahat ng pagtitipon-tipon ay manalangin ang mga lalaki nang may malinis na kalooban, na sa pagtaas nila ng kamay sa pananalangin ay walang galit o pakikipagtalo.

1 TIMOTEO 2:8

. . . Malaki ang nagagawa ng panalangin ng taong matuwid.

SANTIAGO 5:16

FOR STUDY PURPOSES

Ang Kristiyanismo ay higit pa sa isang relihiyon. Ito ay isang relasyon sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan. Ang lahat ng mga relasyon ay gumagamit ng komunikasyon. Habang bumubuti ang komunikasyon, bumubuti rin ang relasyon. Ang komunikasyon ay isang magkabilaang daan kung saan kailangan ang pagsasalita at pakikinig. Ang Diyos ay nakikipag-usap sa atin sa maraming paraan subalit ang pangunahing paraan ay sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Nakikipag-usap tayo sa Kanya sa pamamagitan ng pananalangin at pagsamba. Nakikinig tayo sa Kanya kapag tayo ay nagbabasa ng Bibliya. Nakikinig Siya sa atin kapag tayo ay nananalangin at sumasamba. Tayo ay tumutugon sa Kanyang Salita sa pamamagitan ng ating gawa. Siya ay tumutugon sa panalangin at pagsamba natin sa pamamagitan ng Kanyang pagkilos.

## UNANG ARALIN

### PERSONAL NA PANALANGIN

Sa pamamagitan ng pagmamasid sa personal na pananalangin ni Jesus, makikita natin ang dalawang susi sa epektibong panalangin: isang takdang oras at isang pribadong lugar.

1. Kailan at saan nanalangin si Jesus?

   Marcos 1:35 ________________________________

Basahin ang Mateo 6:5-13.

2. Saan nananalangin ang mga pakitang-tao?

   Mateo 6:5 ________________________________

3. Ayon sa turo ni Jesus, saan dapat manalangin ang Kanyang mga tagasunod?

   Mateo 6:6 ________________________________

FOR STUDY PURPOSES

Sa mga pakitang-tao noong panahon ni Jesus, ang pananalangin ay isang paraan ng pagyayabang sa harap ng ibang tao. Itinuro ni Jesus na ang pananalangin ay dapat na panahon ng pakikipag-ugnayan sa Ama, at hindi panahon ng pagpapakitang-gilas sa iba gamit ang relihiyosong mga salita.

4. Ayon kay Jesus, kanino tayo dapat manalangin?

   Mateo 6:6,8,9 ______________________________

Ang katotohanan na maaari nating tawagin ang Diyos na "Ama" sa tuwing tayo ay nagdadasal ay dapat nating ikamangha. Itinuro sa Lumang Tipan na ang Diyos ay isang Ama sa Kanyang mga mamamayan (Deuteronomio 32:6; Isaias 63:16; Malakias 2:10), subalit bago kay Jesus, walang tumawag sa Diyos na "Ama" sa tuwing nananalangin. Dinala tayo ni Jesus sa isang bagong antas ng relasyon sa Diyos. Sa pamamagitan ni Jesus, tayo ay inampon ng Diyos at Siya ay naging "Ama" natin.

5. Ano ang inaakala ng mga taong hindi kumikilala sa Diyos tungkol sa pananalangin?

   Mateo 6:7 ______________________________

   ______________________________

6. Ano ang dapat nating ipanalangin? Mateo 6:9-13

   v.9 ______________________________

   v.10 ______________________________

   v.11 ______________________________

   v.12 ______________________________

   v.13 ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Isipin ang naging kahalagahan ng panalangin sa iyong buhay. Mayroon ka bang ganap na oras na nakalaan para sa pananalangin? Kailan? Mayroon ka bang lugar para sa pananalangin? Saan?

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

## IKALAWANG ARALIN

### ANG KAPANGYARIHAN NG PANALANGIN

1. Ano ang ipinangako ni Jesus sa mga hihingi, maghahanap, at kakatok sa Kanya?

   Mateo 7:7-11 ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

2. Ano ang sinabi ni Jesus na dapat nating gawin upang masagot ang ating mga panalangin?

   Marcos 11:24 ______________________________

3. Ano ang maaari nating matanggap kung tayo ay mananalangin at mananampalataya?

   Mateo 21:22 ______________________________

4. Ano ang maaaring dahilan kung bakit hindi natin natatanggap kung ano ang ating ipinagdarasal?

   Santiago 4:3 ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

5. Ano ang itinuro ni Jesus tungkol sa pananalangin sa kuwento ng matiyagang biyuda? Bakit Niya sinabi ang kuwentong ito?

   Lucas 18:1-8 ____________________

   ____________________

6. Ano ang maaaring pumigil sa kasagutan ng panalangin natin?

   Mga Salmo 66:18,19 ____________________

   Santiago 1:6-8 ____________________

   1 Pedro 3:7____________________

7. Kaninong pangalan tayo dapat manalangin?

   Juan 14:12-14____________________

8. Kanino natin dapat ipa-alam ang mga kahilingan natin?

   Mga Taga-Filipos 4:6 ____________________

9. Paano tayo makalalapit sa Ama?

   Juan 14:6 ____________________

10. Ilan ang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao? Sino ang tagapamagitan na ito?

    1 Timoteo 2:5 ____________________

11. Ano ang kapanatagan na mayroon tayo sa pananalangin?

    1 Juan 5:14,15 ____________________

12. Ano ang mga naging bunga ng pananalangin ng mga disipulo?

    Mga Gawa 4:31 ____________________

    ____________________

    ____________________

13. Ano ang ginagawa nila Pablo at Silas habang sila ay nakakulong?

    Mga Gawa 16:25 ____________________

FOR STUDY PURPOSES

14. Ano ang mga naging bunga ng kanilang mga panalangin?

    Mga Gawa 16:26-34 ____________________

    ____________________

15. Ano ang naging panalangin ni Elias at ano ang naging tugon ng Diyos?

    Santiago 5:17,18 ____________________

    ____________________

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito tungkol sa kapangyarihan ng panalangin? Paano sinagot ng Diyos ang mga panalangin mo?

____________________

____________________

____________________

____________________

FOR STUDY PURPOSES

## IKATLONG ARALIN

### ANG PANGKALAHATANG PANALANGIN

Sa unang aralin, natutunan natin ang kahalagahan ng personal na pananalangin at nabigyan tayo ng babala tungkol sa pananalangin sa publiko para lamang makita ng iba at magmistulang "espirituwal." Gayunpaman, tayo ay hinihimok na sama-samang manalangin bilang mga Kristiyano.

1. Ano ang ginagawa ng mga disipulo habang sila ay naghihintay para sa araw ng Pentecostes at sa pagpupuspos ng Banal na Espiritu?

   Mga Gawa 1:13,14____________________

2. Ano ang ginawa ng mga mananampalataya nang marinig nila ang pagkadakip at pag-uusig kina Pedro at Juan sa kamay ng Korte ng mga Judio?

   Mga Gawa 4:24 ______________________________

3. Sa gitna ng pag-uusig, ano ang hiniling nila sa panalangin?

   Mga Gawa 4:29,30 ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

4. Ano ang ginagawa ng iglesya habang si Pedro ay nakakulong?

   Mga Gawa 12:5,12 ______________________________

   ______________________________

5. Paano sinagot ng Diyos ang kanilang mga panalangin?

   Mga Gawa 12:7-12______________________________

   ______________________________

6. Ano ang ginagawa ng mga pinuno ng iglesya sa Antioc nang tawagin ng Diyos sina Saulo at Bernabe para sa kanilang misyon?

   Mga Gawa 13:2 ______________________________

7. Ano ang ginawa nila bago sila ipadala doon?

   Mga Gawa 13:3 ______________________________

8. Ano ang mahalaga sa sama-samang pananalangin?

   Mateo 18:19 ______________________________

9. Ano ang ipinangako ni Jesus?

   Mateo 18:20 ______________________________

   ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay? Mayroon ka bang komunidad ng mga mananampalataya na laging nakakasama para sa pananalangin?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## IKA-APAT NA ARALIN

### LISTAHAN NG PANALANGIN BATAY SA BIBLIYA

1. Ano ang panalangin ni Pablo para sa mga disipulo sa Efeso?

   Mga Taga-Efeso 1:17 ______________________________

   ______________________________________________

   Mga Taga-Efeso 1:18 ______________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   Mga Taga-Efeso 3:16 ______________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   Mga Taga-Efeso 3:17-19 ___________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

FOR STUDY PURPOSES

2. Ano ang panalangin ni Pablo para sa iglesya sa Filipos?
   Mga Taga-Filipos 1:9-11 ______________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

3. Ano ang panalangin ni Pablo para sa mga taga-Colosas?
   Mga Taga-Colosas 1:9-12 ______________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

4. Ano ang sinabi ni Pablo sa mga taga-Colosas na dapat nilang ipanalangin?
   Mga Taga-Colosas 4:3,4 ______________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

5. Ano ang laging ginagawa ni Epafras para sa mga taga-Colosas?
   Mga Taga-Colosas 4:12 ______________________________

6. Ano ang hiniling ni Pablo na panalangin mula sa mga mananampalataya sa Tesalonica?
   2 Tesalonica 3:1,2 ______________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

7. Ano ang panalangin ni Pablo para kay Filemon?
   Filemon 6 ______________________________

   ______________________________________________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay? Paano mo ilalarawan ang listahan ng mga ipinapanalangin mo kung ihahambing sa listahan ni Pablo at ng mga unang mananampalataya?

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

## IKALIMANG ARALIN

### PAGSAMBA

1. Anong uri ng mga tao ang hinahanap ng Diyos?

   Juan 4:23 ________________________________________

2. Paano tayo dapat sumamba sa Diyos?

   Juan 4:24 ________________________________________

3. Tayo ay dapat na sumamba sa pamamagitan ng espiritu at katotohanan. Ano ang sinabi ng Diyos tungkol sa paggamit ng mga inukit na imahe, diyos-diyosan, at estatwa?

   Deuteronomio 5:8-10 ________________________________

   ________________________________________________

   ________________________________________________

4. Ano ang hinikayat tayo na huwag pabayaan?

   Mga Hebreo 10:24,25 ________________________________

5. Ano ang mga panloob na pag-uugali na dapat nating taglay upang maging kalugod-lugod ang pagsamba natin sa Diyos?

   Mga Hebreo 12:28,29________________________________

FOR STUDY PURPOSES

6. Anu-ano ang mga panlabas na pagpapahayag ng pagsamba na hinihikayat ng Kasulatan?

   Mga Salmo 47:1,5,6 ______________________________________________

   _______________________________________________________________

   Mga Salmo 96:8,9 _______________________________________________

   _______________________________________________________________

   Mga Salmo 98:1,4-6 ______________________________________________

   _______________________________________________________________

   Mga Salmo 149:3 ________________________________________________

   _______________________________________________________________

   Mga Salmo 150:3-6_______________________________________________

   _______________________________________________________________

7. Ano ang dalawang lugar kung saan nagkikita-kita ang unang iglesya para sa pagsamba at pananalangin?

   Mga Gawa 2:46 _________________________________________________

   Mga Gawa 20:20 ________________________________________________

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay? Sa anong mga paraan mo ipinahahayag ang pag-ibig mo sa Diyos?

_________________________________________________________________

_________________________________________________________________

_________________________________________________________________

_________________________________________________________________

FOR STUDY PURPOSES

FOR STUDY PURPOSES

# 9 PANANAMPALATAYA AT PAG-ASA

Ang pananampalataya ay ang katiyakan na matatanggap natin ang mga bagay na inaasahan natin. At ito ay ang pagiging sigurado sa mga bagay na hindi natin nakikita.

MGA HEBREO 11:1

[5]Pagkatapos, dinala siya ng Panginoon sa
labas at sinabi, "Masdan mo ang mga bituin
sa langit; bilangin mo kung makakaya mo.
Magiging ganyan din karami ang lahi mo."
[6]Nanalig si Abram sa Panginoon. At dahil
sa kanyang pananampalataya, itinuring
siyang matuwid.

GENESIS 15:5,6

Sapagkat ipinapahayag sa Magandang Balita kung paano itinuturing ng Diyos na matuwid ang tao, at ito'y sa pamamagitan lang ng pananampalataya. Ayon nga sa Kasulatan, "Sa pananampalataya mabubuhay ang matuwid."

MGA TAGA-ROMA 1:17

FOR STUDY PURPOSES

Sa unang kabanata, natutunan natin na tayo ay naligtas ng biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya (Mga Taga-Efeso 2:8). Subalit ito ay simula lamang. Sa sandaling tayo ay maging mga tagasunod ni Jesus, patuloy na tayong nabubuhay sa bawat araw nang may pananalig sa Kanya na nagligtas sa atin.

## UNANG ARALIN

### ANO ANG PANANAMPALATAYA?

Inihayag sa Mga Hebreo 11 ang isang kakaibang larawan ng pananampalataya, kung saan may maraming kuwento ng mga lalaki at babae na nanalig sa Diyos at nagpakita ng pananampalataya nila sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya. Kadalasan ay humingi ito ng malaking kabayaran mula sa kanila.

FOR STUDY PURPOSES

1. Ang pananampalataya ay isa sa mga iilang salita na binigyang kahulugan ng Bibliya para sa atin. Ano ang pananampalataya?

   Mga Hebreo 11:1 ______________________________

   ______________________________

2. Paano natin magagawang sumampalataya?

   Mga Taga-Roma 10:17 ______________________________

3. Paano nakikita ang pananampalataya?

   Mga Taga-Galacia 5:6 ______________________________

4. Ano ang itinuturo ng mga sumusunod na talata tungkol sa pananampalataya?

   Mga Taga-Galacia 2:16 ______________________________

   Mga Taga-Galacia 3:11 ______________________________

   Mga Taga-Galacia 3:26 ______________________________

5. Ano ang panimulang pundasyon na dapat matutunan ng lahat ng mananampalataya na nais magpatuloy sa paglago?

   Mga Hebreo 6:1,2 ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

6. Kanino tayo dapat manampalataya?

   Mga Taga-Galacia 2:16 ________________________________________

Matapos ang muling pagkabuhay, si Tomas (isa sa mga disipulo) ay tumangging maniwala na nabuhay muli si Jesus hangga't hindi sila nagkakaharap. Mapagmatigas pa niyang sinabi sa ibang disipulo na, "*Hindi ako maniniwala hangga't hindi ko nakikita ang mga sugat ng pagkakapako sa mga kamay niya at mahipo ang mga ito, pati na ang sugat sa kanyang tagiliran*" (Juan 20:25). Naniwala lamang si Tomas nang magpakita si Jesus sa kanya.

7. Matapos maniwala ni Tomas, sino ang sinabi ni Jesus na mapalad?

   Juan 20:29 ________________________________________

8. Ano ang dapat nating gawin kapag ang nakikita natin ay hindi sumasang-ayon sa pananampalataya natin?

   2 Corinto 5:7 ________________________________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang ilan sa mga bagay na alam mong may katiyakan ngunit hindi mo nakikita (halimbawa, hangin, *North Pole*, Diyos, atbp.)?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

## IKALAWANG ARALIN

### PANANAMPALATAYANG NAKAPAGLILIGTAS

Basahin ang Mga Gawa 16:16-34.

1. Ano ang sinabi ni Pablo at Silas na dapat gawin ng guwardiya ng bilangguan upang siya ay maligtas?

   Mga Gawa 16:30,31 ______________________________

   ______________________________

2. Ano ang sinabi ni Pablo sa mga taga-Roma na kailangan nila upang sila ay maligtas?

   Mga Taga-Roma 10:9,10 ______________________________

   ______________________________

Basahin ang Mga Taga-Roma 5:1,2.

3. Paano tayo naituring na matuwid?

   Mga Taga-Roma 5:1 ______________________________

Ang "pagpapawalang-sala" ay pakikipagkasundo sa Diyos. Ang ating kasalanan (at ang kaparusahan nito) ay natanggal na, at tayo ay inihayag ng Diyos na "matuwid." Nangangahulugan ito nang pagkakaroon ng tamang relasyon sa Kanya.

4. Ano ang bunga ng pagiging matuwid natin?

   Mga Taga-Roma 5:1 ______________________________

5. Paano natin matatamasa ang biyaya ng Diyos?

   Mga Taga-Roma 5:2 ______________________________

Basahin ang Mga Taga-Roma 3:21-28.

6. Ang mga tao ba ay itinuring ng Diyos na matuwid sa pamamagitan ng *pagsunod sa Kautusan* o sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo?

   Mga Taga-Roma 3:28 ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

7. Sino ang itinuturing ng Diyos na matuwid?

   Mga Taga-Roma 3:26 ________________________________

8. Paano napapasa-atin ang katuwiran ng Diyos?

   Mga Taga-Roma 3:22 ________________________________

9. Paano nabubuhay ang matuwid?

   Mga Taga-Roma 1:17 ________________________________

10. Si Pablo ay nagsalita tungkol sa katuwiran na hindi nanggaling sa Kautusan. Saan ito nanggaling?

    Mga Taga-Filipos 3:8,9 ________________________________

    ________________________________________________

11. Paano tayo naligtas?

    Mga Taga-Efeso 2:8 ________________________________

    ________________________________________________

12. Sino ang may karapatang maging anak ng Diyos?

    Juan 1:12 ________________________________

13. Sino ang *hindi mapapahamak kundi magkakaroon ng buhay na walang hanggan*?

    Juan 3:16 ________________________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

## IKATLONG ARALIN

### PANANAMPALATAYA AT PAGSUNOD

Ang pananampalataya ay higit pa sa isang beses na pagtanggap ng isipan kung sino si Jesus at kung ano ang ginawa Niya para sa atin. Nais ng Diyos na ang mga ligtas na ay patuloy na mamuhay sa pananampalataya. Nais Niya na ang ating pananampalataya ay mauwi sa **katapatan** (Habakuk 2:4; Mga Taga-Roma 1:17; Mga Taga-Galacia 2:20; 3:11; Mga Hebreo 10:38).

1. Ano ang sinabi ni Santiago tungkol sa pananampalataya na walang kasamang mabuting gawa?

   Santiago 2:17 ____________________

2. Sapat na ba ang magsabing naniniwala tayo sa Diyos?

   Santiago 2:19 ____________________

3. Ano ang naidulot ng muling pagkabuhay ni Cristo?

   Mga Taga-Roma 1:4,5 ____________________

4. Ano ang ginawa ni Abel nang *may pananampalataya*?

   Mga Hebreo 11:4 ____________________

   ____________________

5. Tinawag ng Diyos si Abraham na pumunta sa isang lugar na hindi pa niya nakikita. Ano ang ginawa ni Abraham nang *may pananampalataya*?

   Mga Hebreo 11:8 ____________________

   ____________________

6. Nang subukin ng Diyos si Abraham, ano ang ginawa niya nang *may pananampalataya*?

   Mga Hebreo 11:17 ____________________

FOR STUDY PURPOSES

7. Matapos lumaki sa kaginhawaan bilang anak ng prinsesa ng Egipto, ano ang ginawa ni Moises nang *may pananampalataya*? Ano ang pinili niya nang *may pananampalataya*?

   Mga Hebreo 11:24,25 ________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

Basahin ang Mga Hebreo 11:27-30.

8. Ano pa ang ginawa ni Moises nang *may pananampalataya*?

   Mga Hebreo 11:27,28 ________________________________________

   ______________________________________________________

9. Ano ang ginawa ng mga Israelita nang *may pananampalataya*?

   Mga Hebreo 11:29 ___________________________________________

10. Ano ang nangyari sa Jericho dahil sa pagsunod ng mga Israelita nang *may pananampalataya*?

    Mga Hebreo 11:30 ___________________________________________

11. Maaari bang maging isang lalaki o babae na may dakilang pananampalataya at mamatay nang hindi natanggap ang ipinangako sa kanila ng Diyos?

    Mga Hebreo 11:37-39 ________________________________________

FOR STUDY PURPOSES

Ang pagsunod ay hindi nagdudulot ng kaligtasan, subalit itinuturo sa Bibliya na ang kaligtasan, ang pananalig kay Jesus, ay nagdudulot ng pagsunod sa Kanya.

Basahin ang 1 Juan 5:1-5.

12. Ano ang ibig sabihin ng mahalin ang Diyos?

    1 Juan 5:3 _______________________________________________

13. Ang mga utos ba ng Diyos ay mahirap sundin? Bakit oo o bakit hindi?

    1 Juan 5:3 _______________________________________________

    ______________________________________________________

14. Paano isinasalarawan ni Juan ang pananampalataya?

    1 Juan 5:4 ________________________________

15. Sino ang nagtatagumpay laban sa mundo?

    1 Juan 5:5 ________________________________

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ang pananampalataya mo ba sa Diyos ay humantong na sa katapatan? Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

________________________________

________________________________

________________________________

________________________________

FOR STUDY PURPOSES

## IKA-APAT NA ARALIN

### PANANAMPALATAYANG NAKAGAGAWA NG MGA BAGAY NA IMPOSIBLE

1. Minsan nang hindi nagtagumpay ang mga disipulo sa pagpapalayas ng masamang espiritu at tinanong nila si Jesus, *"Bakit hindi po namin mapalayas ang masamang espiritu?"* Bakit hindi nila ito mapalayas?

   Mateo 17:20 ________________________________

2. Kahit pa maliit ang pananampalataya natin sa malaking Diyos, ano ang kaya nating gawin?

   Mateo 17:20 ________________________________

   ________________________________

May dalawang katotohanan tungkol sa Diyos na nagsisilbing pundasyon ng pananampalataya natin. Naintindihan ni Abraham, ang ama ng ating pananampalataya (Mga Taga-Roma 4:16,17), ang mga pundasyong ito. Upang maging lalaki at babae na may pananampalataya, dapat nating panghawakan ang dalawang katotohanang ito tungkol sa Diyos:

| |
|---|
| Ang Diyos ay makapangyarihan = Kaya ng Diyos<br>(Mga Taga-Roma 4:18-21) |
| Ang Diyos ay matapat = Gusto ng Diyos<br>(Mga Hebreo 11:11) |

Basahin ang Mga Taga-Roma 4:19-21.

3. Ano ang lubos na inasahan ni Abraham?

   Mga Taga-Roma 4:21 ______________________________

4. May ilang tao na hindi pinapansin o kaya ay itinatanggi ang katotohanan, bilang pagtatangkang kumilos nang may pananampalataya. Ano ang ginawa ni Abraham tungkol sa mga pisikal na katotohanang kinaharap niya?

   Mga Taga-Roma 4:19 ______________________________

5. Ano ang mga katotohanan na isinaalang-alang ni Abraham?

   Mga Taga-Roma 4:19 ______________________________

   ______________________________________________

6. Ano ang ginawa ni Abraham sa ipinangako ng Diyos?

   Mga Taga-Roma 4:20 ______________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

7. Bakit naging posible para kina Abraham at Sara na maging mga magulang?

   Mga Hebreo 11:11 ______________________________

   ______________________________________________

FOR STUDY PURPOSES

8. Ano ang ipinangako ng Diyos kay Abraham?

   Genesis 15:4,5 ______________________________________________

   ______________________________________________

9. Sa Mga Taga-Efeso 6:10-17, nanawagan si Pablo sa mga mananampalataya na isuot ang *kagamitang pandigma na kaloob ng Diyos*. Ano ang nagagawa ng *panangga ng pananampalataya*?

   Mga Taga-Efeso 6:16 ______________________________________________

10. Kanino tayo dapat manampalataya?

    Marcos 11:22 ______________________________________________

11. Ano ang dapat nating gawin kung nais nating *ilipat* sa dagat ang mga "bundok" natin?

    Marcos 11:23 ______________________________________________

    ______________________________________________

    ______________________________________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Paano mo nakita ang kapangyarihan ng pananampalataya sa buhay mo? Paano mo ito nakita sa buhay ng iba?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

IKA-LIMANG ARALIN

## PANANAMPALATAYA AT PAG-ASA

Ang pananampalataya at ang pag-asa ay may malapit na ugnayan. Ngunit ang pag-asa na ayon sa Bibliya ay higit pa sa paghahangad na mangyari ang isang bagay. Ito ay isang ganap na kasiguruhan, na naka-ugat sa pananampalatayang gagawin ng Diyos ang ipinangako Niya.

1. Ano ang dapat nating paniwalaan tungkol sa Diyos upang makalapit sa Kanya?

   Mga Hebreo 11:6 ______________________________

2. Ano ang maaaring mangyari kung walang pananampalataya?

   Mga Hebreo 11:6 ______________________________

3. Ano ang ugnayan ng pananampalataya at pag-asa?

   Mga Hebreo 11:1 ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

4. Ano ang itinawag ng manunulat ng Mga Hebreo sa pananampalataya?

   Mga Hebreo 6:19 ______________________________

5. Ano ang gamit ng isang angkla ng bangka?

   ______________________________

6. Paano inaangkla ng pag-asa ang ating kaluluwa?
   Ano ang nangyayari sa isang tao na wala ng pag-asa?

   ______________________________

   ______________________________

Basahin ang 1 Juan 3:2,3.

FOR STUDY PURPOSES

7. Ang pananampalataya ay may kinalaman sa kasalukuyan, ang pag-asa sa kinabukasan. Ano na tayo ngayon sa pamamagitan ng pananampalataya?

   1 Juan 3:2 ____________________

8. Ano ang mangyayari sa atin kapag nagpakita na si Jesus? Ano ang ating pag-asa?

   1 Juan 3:2 ____________________

9. Paano dapat maapektuhan ang mga buhay natin ng pag-asang makita si Jesus?

   1 Juan 3:3 ____________________

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

____________________

____________________

____________________

____________________

FOR STUDY PURPOSES

# 10 KASAGANAAN AYON SA BIBLIYA AT PAGKAMAPAGBIGAY

6 Tandaan ninyo ito: ang naghahasik
ng kaunti ay umaani ng kaunti, at ang
naghahasik ng marami ay umaani
ng marami. 7 Ang bawat isa sa inyo
ay magbigay nang ayon sa sariling
kapasyahan, nang walang pag-aatubili, at
hindi sapilitan, dahil mahal ng Diyos ang
mga nagbibigay nang may kagalakan. 8 At
magagawa ng Diyos na ibigay sa inyo ang
higit pa sa inyong mga pangangailangan,
para sa lahat ng panahon ay maging
sapat kayo sa lahat ng bagay, at lagi
ninyong matutulungan ang iba . . .
11 Pasasaganain kayo ng Diyos sa lahat
ng bagay para lagi kayong makatulong
sa iba. At marami ang magpapasalamat
sa Diyos dahil sa tulong na ipinapadala
ninyo sa kanila sa pamamagitan namin.

2 CORINTO 9:6-8,11

FOR STUDY PURPOSES

Libo-libong mga pahayag sa Bibliya ang tungkol sa pera. Ang pera ay isang malakas na kasangkapan, na gaya ng maraming katulad na bagay ay maaaring magamit para sa labis na kabutihan o kasamaan. Sa kabanatang ito, aalamin natin ang mga panganib at pagkakataon na maibibigay ng pera sa isang tagasunod ni Jesus. Titignan din natin ang mga pag-uugali tungkol sa pera upang malaman kung nakikita ba natin ito bilang isang paraan sa pagtupad ng isang layunin o bilang ang pangunahing layunin.

## UNANG ARALIN

### ANG PANGANIB NG KAYAMANAN

FOR STUDY PURPOSES

1. Ayon sa talinghaga ni Jesus tungkol sa tagapagtanim, ano ang maaaring maging sanhi ng pagkalimot sa Salita ng Diyos at magdulot ng kawalan nito ng bunga?

   Marcos 4:18,19 ____________________

   ____________________

2. Ano ang ilan sa mga paraan kung paano nalilinlang ng kayamanan ang tao?

   ____________________

   ____________________

3. Ano ang ilan sa mga alalahanin sa mundo na nagdudulot ng pagkalimot sa Salita ng Diyos?

   Mateo 6:25,28,31,34____________________

   ____________________

Para sa karamihan ng tao noong unang siglo, mas may halaga sa buhay at kamatayan ang pagkain, inumin, at kasuotan kaysa sa karamihan ng mga tao ngayon. Kung sinabihan ni Jesus ang mga tao noon na huwag mag-alala tungkol sa mga alalahaning ito, hindi ba't mas lalo tayong hindi dapat magpadaig sa mga ito ngayon?

4. Hindi kailanman maaaring paglingkuran ng sabay ang Diyos at ang ______________________ . Lucas 16:13

Si Jesus ay hindi kailanman nagbitiw ng ganitong salita tungkol sa iba pang bagay. Hindi niya sinabi na, “Hindi kayo makapaglilingkod ng sabay sa Diyos at kapangyarihan . . . Diyos at kasalanan . . . Diyos at tungkulin . . .Diyos at sarili.” Bakit hindi? Dahil likas sa mga tao ang kaalaman na dapat nilang pagsilbihan ang Diyos lamang. Subalit dahil sa likas na mapanlinlang ang pera at kayamanan, maraming tao ang naniniwalang pinagsisilbihan nila ang Diyos subalit ang katotohanan ay nagiging alipin na sila ng pera.

5. Ano ang maaaring mangyari sa mga nagnanais na yumaman at may labis na paghahangad nito?

   1 Timoteo 6:9,10 ______________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

6. Gusto mo bang yumaman? Ano ang ilan sa mga panganib na dala ng pagnanais na ito?

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

7. Ano ang ugat ng lahat ng kasamaan?

   1 Timoteo 6:10 ________________________________________

8. Ano ang makapagliligtas sa atin mula sa kamatayan, matuwid na pamumuhay o kayamanan?

   Mga Kawikaan 11:4 _____________________________________

9. Ano ang nangyayari sa mga nagtitiwala sa kayamanan?

   Mga Kawikaan 11:28 ____________________________________

10. Nagtatagal ba ang kayamanan?

   Mga Kawikaan 23:4,5 ___________________________________

FOR STUDY PURPOSES

11. Sa anong bagay tayo dapat mag-ingat? Bakit?
    Lucas 12:15 ______________________________

    ______________________________

12. Basahin ang Lucas 12:16-21. Ano ang tinutukoy ng talinghaga ng mayamang hangal?

    ______________________________

    ______________________________

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo tungkol sa mga panganib ng kayamanan?

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

FOR STUDY PURPOSES

## IKALAWANG ARALIN

### PANUNTUNAN SA KASAGANAAN BATAY SA BIBLIYA

Matapos nating mapagtibay ang likas na pagiging mapanganib ng pera, maaari na nating tignan ang ilan sa mga positibong pahayag ng Bibliya tungkol sa pera, kasaganaan, at kaunlaran. Kung ang isang bagay ay mapanganib, hindi nangangahulugan na hindi natin ito dapat gamitin. Halimbawa, ang kotse ay mapanganib, subalit hindi ibig sabihin nito na hindi na tayo gagamit ng kotse at maglalakad na lamang tayo papunta sa kung saan mang lugar. Nangangahulugan lamang ito na kailangan nating sumunod sa batas trapiko. Tulad nito, ang tamang tugon sa mga panganib ng pera ay hindi ang piliing maging mahirap kundi ang gamitin ng tama ang pera na ibinigay ng Diyos sa atin, ayon sa Kanyang mga alituntunin.

1. Sino ang nagbigay sa atin ng kakayahang maging mayaman?

   Deuteronomio 8:18 ______________________________

2. Basahin ang Deuteronomio 30:8-10. Ano ang sinabi ni Moises sa mga Israelita na gagawin ng Diyos para sa kanila kung sila ay susunod sa Kanyang mga utos?

   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________

3. Ano ang sinasabi ng mga sumusunod na talata mula sa Mga Kawikaan tungkol sa kasaganaan o sa pagkakaloob ng Diyos ng mga pangangailangan natin?

   10:3 ______________________________
   10:4 ______________________________
   10:22 ______________________________
   13:21 ______________________________
   13:22 ______________________________
   21:21 ______________________________
   ______________________________
   22:4 ______________________________
   ______________________________
   22:9 ______________________________
   ______________________________

4. Ano ang nangyayari sa tuwing tayo ay nagbibigay? Ano ang mangyayari kung maliit o kaunti ang ibibigay natin? Ano ang mangyayari kung malaki o marami?

   Lucas 6:38______________________________
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

Basahin ang 2 Corinto 9:6-11.

5. Ano ang sinasabi ng mga alituntunin sa pagtatanim tungkol sa pera at pag-ani?

   2 Corinto 9:6 ______________________________

   ______________________________

6. Anong uri ng nagbibigay ang mahal ng Diyos?

   2 Corinto 9:7______________________________

7. Ano ang kayang gawin ng Diyos para sa nagbibigay nang may kagalakan?

   2 Corinto 9:8______________________________

   ______________________________

   ______________________________

8. Bakit binibigyan ng Diyos ang tao ng kasaganaan sa lahat ng bagay?

   2 Corinto 9:11______________________________

   ______________________________

Sa tuwing pag-uusapan ang kasaganaan, ang tanong ay hindi, "Bibigyan ba ako ng Diyos ng kasaganaan?" Ang tamang tanong ay, "Ano ang dapat kong gawin sa kasaganaang ibinibigay ng Diyos?"

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Paano ka biniyayaan ng Diyos ng kasaganaan? Paano mo ito gagamitin upang pagpalain ang ibang tao?

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

IKATLONG ARALIN

## PAG-UNA SA DIYOS

1. Ano ang ginawa ng mga Israelita sa lahat ng unang bunga na ibinigay sa kanila ng Diyos?

   2 Cronica 31:5,6________________________________

2. Anong bahagi ang dapat nating ibigay sa Diyos?

   Mga Kawikaan 3:9 ________________________________

3. Ano ang bunga ng pagbibigay ng unang bahagi para sa Diyos?

   Mga Kawikaan 3:10________________________________

   ____________________________________________

4. Basahin ang Leviticus 27:30-32. Dapat ba tayong magbigay ng ikasampung bahagi ng lahat ng natatanggap natin o sa ating kinita lamang? Dapat bang sa buong bahagi o sa kung ano lamang ang matitira? Dapat bang sa halaga bago mabawasan ng buwis at ng iba pang gastusin?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

Basahin ang Malakias 3:8-12.

5. Bakit sinabihan ni Malakias ang mamamayan ng Diyos na sila ay nasa ilalim ng isang sumpa?

   Malakias 3:9 ________________________________

6. Paano ninanakawan ng mga tao ang Diyos?

   Malakias 3:8 ________________________________

7. Paano nila maaaring subukan ang Diyos?

   Malakias 3:10 ________________________________

   ____________________________________________

FOR STUDY PURPOSES

8. Ano ang ipinangako ng Diyos na gagawin Niya kung ibibigay ng Kanyang mga mamamayan ang buo nilang ikapu?

   Malakias 3:10-12______________________________

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

FOR STUDY PURPOSES

## IKA-APAT NA ARALIN

### LABIS-LABIS NA PAGKAMAPAGBIGAY

Ipinakilala sa Lucas 21:1-4 ang kaisipan ng nag-uumapaw na pagkamapagbigay. Ito ay isang masakripisyong uri ng pagbibigay. Si Jesus ay nakatayo sa templo ng mga Judio nang dumating ang isang biyuda at nagbigay ng dalawang pirasong barya. Halos wala na itong halaga, subalit iyon na ang lahat ng pera na mayroon ang biyuda. Ginamit ito ni Jesus upang makapagturo.

1. Ayon kay Jesus, sino ang may mas malaking ibinigay? Bakit?

   Lucas 21:1-4______________________________

   ______________________________

Basahin ang 2 Corinto 8:1-5.

2. Ipinagyabang ni Pablo ang pagkamapagbigay ng mga mananampalataya sa Macedonia. Ilarawan ang sitwasyon nila.

   2 Corinto 8:2 ______________________________________________

   ______________________________________________

Ito ang ginagamit na panuntunan ng mga taga-Macedonia tungkol sa pagiging mapagbigay.

| |
|---|
| pagsubok na may matinding pagdurusa + matinding kahirapan + labis na kasiyahan = labis na pagkamapagbigay |

3. Gaano karami ang ibinigay ng mga taga-Macedonia?

   2 Corinto 8:3 ______________________________________________

   ______________________________________________

May mga tao na ginagastos ang lahat ng kaya nilang gastusin. Sila ang laging walang-wala. May iba na gumagastos ng mas kaunti sa kaya nilang gastusin. Sila ang laging nakakapag-ipon ng pera. At may ibang tao na gumagastos ng higit sa kung ano ang mayroon sila. Sila ang mga taong alipin sa pagkakautang.

Sa kabilang banda, may ibang tao na nagbibigay ng mas kaunti sa kaya nilang ibigay. Ayon sa Bibliya, ninanakawan nila ang Diyos. Ang iba ay nagbibigay ng kaya nilang ibigay. Ito ang tinatawag na pagsunod. At ang iba ay nagsasakripisyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng higit pa sa kaya nilang ibigay. Ang mga taong labis kung magbigay gaya nang ginawa ng biyuda sa templo, ay itinuturing na mga bayani ng pananampalataya.

FOR STUDY PURPOSES

4. Kinailangan ba ni Pablo na pilitin ang mga mananampalataya sa Maceonia upang magbigay? Ano ang kanilang pag-uugali tungkol sa pagbibigay?

   2 Corinto 8:4 ______________________________________________

   ______________________________________________

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito at paano mo ito maisasapamuhay?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

Alin ka sa mga sumusunod na uri ng nagbibigay?

- ☐ mas kaunti sa kaya mong ibigay
- ☐ kung ano ang kaya mong ibigay
- ☐ mas malaki sa kaya mong ibigay

FOR STUDY PURPOSES

# 11 PAGPAPALAGANAP NG SALITA NG DIYOS AT MISYON SA MUNDO

[18]Lumapit sa kanila si Jesus at sinabi,
“Ibinigay sa akin ang lahat ng kapangyarihan
sa langit at sa lupa. [19]Kaya puntahan ninyo
ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga
tagasunod ko. Bautismuhan ninyo sila sa
pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal
na Espiritu. [20]Turuan ninyo silang sumunod
sa lahat ng iniutos ko sa inyo. At tandaan
ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa
katapusan ng mundo.”

MATEO 28:18-20

Bago bumalik sa langit, ipinangako ni Jesus na ipadadala Niya sa Kanyang mga disipulo ang handog ng Banal na Espiritu. Subalit binigyan din Niya sila ng dapat gawin. Ang mensahe ng kaligtasan ay dapat maipamahagi sa lahat ng tao sa lahat ng bayan. Nais ni Jesus na ipahayag natin ang mensaheng ito, ibahagi ang ebanghelyo, sa pamamagitan ng ating mga salita (“*turuan ninyo sila . . .*”) at mga gawa (“*gawin silang mga tagasunod ko . . .*”). Ang mabuting balita ay ang Diyos mismo ang nagbigay sa atin ng kapangyarihan upang maging Kanyang kinatawan: “*At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama . . .*”

FOR STUDY PURPOSES

UNANG ARALIN

## ANG LAHAT AY MINISTRO

Basahin ang 2 Corinto 5:18-20.

1. Anong tungkulin ang ibinigay ng Diyos sa bawat mananampalataya?

   2 Corinto 5:18 ____________________

2. Ano ang mensaheng ipinagkatiwala sa atin ng Diyos?

   2 Corinto 5:19 ____________________

3. Ano ang ibig sabihin ng *pagpapanumbalik*? Bakit kailangang manumbalik ng tao sa Diyos?

   ____________________

   ____________________

4. Ano ang isang “sugo”?

   ____________________

   ____________________

5. Ano ang ibig sabihin ng pagiging mga *sugo para kay Cristo*?

   2 Corinto 5:20 ____________________

6. Paano malalaman ng mga tao na mga tagasunod tayo ni Cristo?

   Juan 13:35 ____________________

7. Ano ang saloobin ni Pablo tungkol sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga hindi mananampalataya? Mga Taga-Roma 1:14-16

   v.14 ____________________

   v.15 ____________________

   v.16 ____________________

   ____________________

FOR STUDY PURPOSES

8. Inulit ni Pablo ang sinabi ni Joel, isang propeta sa Lumang Tipan, nang ipangako niya na *maliligtas ang lahat ng tumatawag sa Panginoon* (Mga Taga-Roma 10:13). Subalit ano ang dapat munang mangyari upang ang mga tao ay *tumawag sa pangalan ng Panginoon*?

   Mga Taga-Roma 10:14,15 ______________________________

9. Ipinadala ng Diyos si Pedro upang ipangaral ang ebanghelyo sa isang kapitan ng batalyon ng mga sundalong Romano na ang pangalan ay Cornelius. Sino ang inimbitahan ni Cornelius upang makinig kay Pedro?

   Mga Gawa 10:24 ______________________________

10. Ano ang nangyari sa mga nakarinig ng pangangaral ni Pedro sa sambahayan ni Cornelius?

    Mga Gawa 10:44-48 ______________________________

    ______________________________

Ang kuwento ni Pedro at Cornelius ay kamangha-mangha hindi lamang dahil sa nangyari nang mangaral si Pedro, kundi dahil sa kung sino ang mga nakinig sa kanya. Si Cornelius ay hindi Judio. Noong panahon nila Pedro, karamihan sa mga Judio ay hindi nakikihalubilo sa mga hindi Judio. Ang mas nakagugulat pa ay ang pagiging kapitan ni Cornelius sa hukbo ng sandatahang Romano na namamahala sa bayan ng mga Judio. Sa madaling salita, si Cornelius ay natural na kaaway ni Pedro.

Tayo ay hindi lamang tinawag ni Jesus upang ipamahagi ang ebanghelyo sa ating mga kaibigan at mahal sa buhay. Higit pa rito, tayo ay Kanyang tinuturuan na “ . . . *mahalin* (ang ating) *mga kaaway at ipanalangin ang mga umuusig* (sa atin)” (Mateo 5:44).

Basahin ang Mga Gawa 20:20,21.

11. Saan nangaral si Pablo?

    Mga Gawa 20:20 ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

12. Kanino nangaral si Pablo?

    Mga Gawa 20:21 ______________________________

13. Ano ang ipinangaral ni Pablo?

    Mga Gawa 20:21 ______________________________

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay? Kanino (mga kaibigan, mahal sa buhay, o maging mga kaaway) ka tinatawag ng Diyos upang mangaral ng ebanghelyo?

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

## IKALAWANG ARALIN

### KATAPANGAN

Para sa maraming mananampalataya noong unang siglo, (at sa maraming mananampalataya sa kasalukuyang panahon), ang pangangaral ng ebanghelyo ay nagkakaroon ng kabayaran, maaring relasyon sa isang kaibigan o kapamilya, o kaya naman ay ang ikinabubuhay nila. Marami ang nakulong, pisikal na inabuso, o kaya ay namatay dahil pinili nilang huwag maging tahimik tungkol sa kanilang pananampalataya. Sa araling ito, titignan natin kung paano tumugon sa pag-uusig ang mga sinaunang mananampalataya.

1. Sa banta ng pag-uusig, ano ang ipinanalangin ng mga disipulo?

    Mga Gawa 4:29 ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

2. Ano ang naging bunga ng kanilang panalangin?

   Mga Gawa 4:31 ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

3. Ayon kay Bernabe, paano nangaral si Saulo (Pablo), sa kabila ng bantang pagpatay sa kanya?

   Mga Gawa 9:22-28 ______________________________

4. Matapos ang pagbabagong-loob ni Pablo, gaano siya katagal naghintay bago niya ipinangaral ang ebanghelyo?

   Mga Gawa 9:19,20 ______________________________

5. Ilarawan ang kaibahan ng mga matuwid sa mga masasama?

   Mga Kawikaan 28:1 ______________________________

   ______________________________

6. Ano ang sinasabi ng Mga Kawikaan tungkol sa takot sa tao?

   Mga Kawikaan 29:25 ______________________________

7. Si Pablo ay humingi ng panalangin upang maipangaral ang ebanghelyo sa paanong paraan?

   Mga Taga-Efeso 6:19,20 ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay? Maglaan ng panahon upang hingin sa Diyos na bigyan ka ng katapangan na ibahagi ang mensahe ng kaligtasan sa ibang tao.

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

IKATLONG ARALIN

## ESPIRITUWAL NA LABAN AT PAGBABAHAGI NG EBANGHELYO

1. Ano ang nangyari sa mga hindi mananampalataya?

   2 Corinto 4:4 ____________________

   ____________________

   ____________________

2. Paano nagiging alipin ang mga tao?

   Mga Taga-Colosas 2:8 ____________________

   ____________________

3. Ano ang planong gawin ni Jesus sa Kanyang pagdating?

   Lucas 4:18-21 ____________________

   ____________________

   ____________________

   ____________________

4. Bakit nagpakita ang Anak ng Diyos?

   1 Juan 3:8 ____________________

FOR STUDY PURPOSES

Ayon sa Bibliya, ang iglesya ang bumubuo ng katawan ni Cristo (1 Corinto 12:27). Kung tayo ang katawan ni Cristo, ang Kanyang presensya sa kasalukuyang mundo, nangangahulugan ito na ang Kanyang misyon ay misyon din natin. Tinawag Niya tayo upang ihayag ang mabuting balita sa mga mahihirap, bilanggo, bulag, at inaapi. Tinawag Niya tayo upang makibahagi sa pagsira sa mga gawa ng diyablo. Sa madaling salita, sa tuwing ipinapangaral natin ang ebanghelyo sa mga taong naliligaw ng landas, tayo ay nakikibahagi sa labanang espirituwal. Si Jesus ay dumating upang palayain ang mga bilanggo. Pinalalaya Niya ang mga tao habang nagsasabi tayo ng katotohanan.

5. Kanino tayo nakikipaglaban?

   Mga Taga-Efeso 6:12 ____________________

   ____________________

6. Ano ang nangyari nang mangaral si Pablo?

   Mga Gawa 16:14 ____________________

   ____________________

7. Ano ang dapat mangyari upang tumanggap ang mga tao kay Cristo?

   Juan 6:44 ____________________

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

____________________

____________________

____________________

____________________

FOR STUDY PURPOSES

## IKA-APAT NA ARALIN

### MGA HIMALA, TANDA, AT BAGAY NA KAMANGHA-MANGHA

1. Nang kumilos nang may pananampalataya ang mga disipulo at matapang na ipinangaral ang ebanghelyo, ano ang nangyari?

   Mga Gawa 2:43; 3:16 ____________________

   ____________________

   ____________________

2. Bakit pinagtuunan ng pansin ng mga tao sa Samaria si Philip?

   Mga Gawa 8:6-8 ______________________________

   ______________________________

Ang mga tanda at mga bagay na kamangha-mangha ay hindi lamang para sa mga apostol. Si Philip ay isang tapat na lingkod ng iglesya na ginamit ng Diyos upang ipahayag ang ebanghelyo nang may mapaghimalang kapangyarihan.

3. Ano ang ginagawa nila Pablo at Bernabe nang biglang gumaling ang pilay mula sa Lystra?

   Mga Gawa 14:5-10 ______________________________

   ______________________________

Tungkulin natin na ipahayag nang buong tapang ang kaligtasan ng Diyos at ipanalangin ang Kanyang pagkilos. Habang ginagawa natin ito, gagawa ang Diyos ng mga makapangyarihang himala sa buhay ng mga tao. Sa madaling salita, tayo ang mangangaral, Siya ang magpapagaling.

4. Ano ang sinabi ni Santiago na gawin ng iglesya para sa mga may sakit?

   Santiago 5:14,15 ______________________________

   ______________________________

5. Ano ang ipinangako ni Jesus sa mga naniwala sa Kanya?

   Juan 14:12 ______________________________

   ______________________________

6. Paano tayo makagagawa ng higit pa sa mga ginawa ni Jesus?

   Juan 14:12-14 ______________________________

   ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

7. Paano gumaling ang taong lumpo na nasa pintuan ng templo na tinatawag na "Maganda"?

   Mga Gawa 3:6,7,16 ______________________________

8. Gaano kalaki ang awtoridad ng pangalan ni Jesus?

   Mateo 28:18 ______________________________

9. Ano ang nangyayari sa tuwing nabibigkas ang pangalan ni Jesus?

   Mga Taga-Filipos 2:10-11 ______________________________

   ______________________________

Ang pagkilos sa pangalan ni Jesus ay hindi gaya ng paggamit ng salitang may mahika. Ito ay higit pa rito. Ang pagkilos sa pangalan ni Jesus ay pagkilala sa Kanyang awtoridad sa lahat ng bagay. Sa pagpapasakop natin ng ating sarili sa Kanyang awtoridad, tayo ay bibigyan Niya ng kapangyarihan na palawakin ang Kanyang kaharian.

FOR STUDY PURPOSES

10. Ano ang sinabi ni Jesus na mangyayari kung tayo ay mananampalataya sa Kanya?

    Marcos 11:22-24 ______________________________

    ______________________________

    ______________________________

11. Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa kapangyarihan ng pananampalataya?

    Marcos 9:23 ______________________________

12. Ano ang nakalulugod sa Diyos?

    Mga Hebreo 11:6 ______________________________

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Paano mo nakita ang pagkilos ng kapangyarihan ng Diyos sa buhay mo? Isipin ang isang pagkakataon kung kailan buong tapang mong inihayag ang ebanghelyo. Paano kumilos ang Diyos?

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

## IKALIMANG ARALIN

### HANGGANG SA DULO NG MUNDO

1. Ano ang ipinangako ni Jesus na mangyayari sa pagdating ng Banal na Espiritu sa mga disipulo Niya?

   Mga Gawa 1:8 ______________________________

2. Ano ang isang saksi?

   ______________________________

   ______________________________

3. Ano ang ibig sabihin ng pagiging saksi para kay Jesus?

   ______________________________

   ______________________________

4. Saan dapat maging saksi ang mga tagasunod ni Jesus?

   Mga Gawa 1:8 ______________________________

   ______________________________

5. Ano ang unang ipinangako ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod?

   Mateo 4:19 ______________________________

Basahin ang Mateo 28:19,20.

FOR STUDY PURPOSES

6. Ano ang huling utos na ibinigay ni Jesus sa mga tagasunod Niya?

   Mateo 28:19 ______________________________________

   ______________________________________

   ______________________________________

Ang "*sumunod*" at "*pumunta*" ay mga pangunahing utos sa pagdidisipulo. Tayo ay tinawag ni Jesus na "*sumunod*" sa Kanya, at maging Kanyang mga disipulo. Subalit ang isa sa mga layunin ng isang disipulo ay ang tulungan ang iba na maging disipulo na handa ring "*pumunta*" sa ibang lugar.

7. Ano ang dapat nating gawin sa mga matuturuan nating disipulo ni Jesus?

   Mateo 28:19,20 ______________________________________

8. Ano ang ipinangako ni Jesus sa mga pupunta sa lahat ng lahi upang gawin silang mga tagasunod Niya?

   Mateo 28:20 ______________________________________

9. Ano ang kondisyon ng mundo kaugnay ng ebanghelyo?

   Mateo 9:35-37 ______________________________________

   ______________________________________

   Juan 4:35,36 ______________________________________

10. Ano ang sinabi ni Jesus na dapat nating masigasig na ipagdasal?

    Mateo 9:38 ______________________________________

11. Si Jesus ay namatay sa krus upang iligtas ang mga tao sa anong bagay?

    Pahayag 5:9 ______________________________________

    ______________________________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay? Ano ang bahagi na nais ng Diyos na gampanan mo bilang tugon sa utos Niya na ibahagi ang ebanghelyo sa lahat ng lahi?

FOR STUDY PURPOSES

# 12 MULING PAGKABUHAY AT PAGHUHUKOM

[7]Ngunit kayo, Panginoon ay maghahari
magpakailanman. At handa na ang inyong
trono para sa paghatol. [8]Hinahatulan
n'yo nang matuwid ang mga tao sa bawat
bansa, at wala kayong kinikilingan.

MGA SALMO 9:7,8

Sinabi ko sa sarili ko, "Hahatulan ng Diyos ang matutuwid at masasamang tao, dahil may itinakda siyang oras sa lahat ng bagay."

ANG MANGANGARAL 3:17

[27]Itinakda sa mga tao ang mamatay
ng minsan at pagkatapos nito'y ang
paghuhukom ng Diyos. [28]Ganoon din
naman, minsan lang mamatay si Cristo
nang inihandog niya ang kanyang sarili
para alisin ang kasalanan ng mga tao. At
muli siyang babalik dito sa mundo, hindi
na para akuing muli ang kasalanan ng

FOR STUDY PURPOSES

> mga tao, kundi para iligtas ang mga taong naghihintay sa kanya.
>
> MGA HEBREO 9:27,28

Ayon sa Bibliya, lahat tayo ay may tatlong tiyak na oras na hindi matatakasan. Ang mga ito ay kamatayan, muling pagkabuhay, at paghuhukom. Lahat tayo ay mamamatay balang araw. Lahat tayo ay muling mabubuhay, subalit hindi lamang bilang mga espiritu na walang katawan. At lahat tayo ay haharap sa paghuhukom sa trono ng Diyos.

## UNANG ARALIN

### KAMATAYAN AT MULING PAGKABUHAY

1. Ano ang nakatakdang mangyari ng isang beses sa lahat ng tao?

   Mga Hebreo 9:27 ______________________________

2. Saan tayong lahat haharap balang araw?

   Mga Taga-Roma 14:10 ______________________________

3. Si Pablo ba ay natakot sa kamatayan?

   Mga Taga-Filipos 1:21 ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

Basahin ang 1 Corinto 15.

May tatlong kilalang pananaw tungkol sa kamatayan, subalit isa lamang sa kanila ang naaayon sa Salita ng Diyos.

Ang **Pagkalipul** ay ang pananaw na ang mga tao ay bigla na lamang maglalaho sa oras ng pisikal na kamatayan. Ang pananaw na ito ay hindi kumikilala sa walang hanggang pananatili ng kaluluwa at sa hustisya ng Diyos.

Ang **Muling Pagkakaroon ng Katawan** ay ang pananaw na sa kamatayan, ang kaluluwa ng isang tao ay malilipat sa panibagong katawan. Ito ay maaaring kapareho o naiiba sa dati niyang pisikal na uri bilang isang parusa o kaya ay gantimpala. Ang pananaw na ito ay hindi kumikilala sa sinasabi ng Bibliya tungkol sa walang hanggang paghuhukom.

Ang **Muling Pagkabuhay** ay ang katuruang naaayon sa Bibliya na nagsasabing ang mga namatay ay muling mabubuhay, makararanas ng paghuhukom, at mabibigyan ng walang hanggang kaparusahan o kaya ay walang hanggang gantimpala.

4. Ano ang sinabi ni Pablo sa mga nagsabi na hindi totoo ang muling pagkabuhay?

   1 Corinto 15:13 ____________________

5. Ano ang mangyayari kung si Cristo ay hindi talaga nabuhay mula sa kamatayan?

   1 Corinto 15:14-19

   v.14 ____________________

   v.15 ____________________

   v.16 ____________________

   v.17 ____________________

   v.18 ____________________

   v.19 ____________________

FOR STUDY PURPOSES

Binigyang diin ni Pablo na dahil sa muling pagkabuhay ni Jesus mula sa kamatayan, tayo rin ay muling mabubuhay.

6. Ano ang huling kaaway na pupuksain ni Jesus?

   1 Corinto 15:26 ____________________

7. Paano inilarawan ni Pablo ang katawan sa muling pagkabuhay?

   1 Corinto 15:42-44

   v.42 ____________________

   v.43 ____________________

   v.44 ____________________

8. Si Pablo ay hindi nakipag-ugnayan kay Jesus na para bang Siya ay nakapako pa din sa krus. Ano ang gustong malaman ni Pablo?

   Mga Taga-Filipos 3:10____________________

9. Ano ang hinangad ni Pablo na makuha?

   Mga Taga-Filipos 3:11 ____________________

10. Ano ang pag-asa ni Pablo?

    Mga Gawa 24:15 ____________________

11. Paano naapektuhan ng paniniwala ni Pablo sa muling pagkabuhay ang paraan niya ng pamumuhay?

    Mga Gawa 24:16 ____________________

    ____________________

12. Nasaan ang ating *pagkamamamayan*?

    Mga Taga-Filipos 3:20____________________

13. Ano ang gagawin ng Tagapagligtas natin sa ating mga katawan?

    Mga Taga-Filipos 3:21____________________

    ____________________

14. Habang *nabubuhay pa tayo sa ating mga katawan* ay ____________________ .

    2 Corinto 5:6

FOR STUDY PURPOSES

15. Ang *pag-iwan sa ating katawan* ay ______________________ .

    2 Corinto 5:8

16. Saan tayong lahat haharap isang araw?

    2 Corinto 5:10 ______________________

    ______________________

Basahin ang Mga Hebreo 2:14,15.

17. Bakit naging tao rin si Jesus?

    Mga Hebreo 2:14 ______________________

    ______________________

18. Sino ang may kapangyarihan sa kamatayan?

    Mga Hebreo 2:14______________________

19. Sino ang lumupig sa kanya? Paano?

    Mga Hebreo 2:14______________________

20. Maaari bang makalaya mula sa takot sa kamatayan?

    Mga Hebreo 2:15 ______________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

______________________

______________________

______________________

______________________

## IKALAWANG ARALIN

### ANG HUSTISYA NG DIYOS AT ANG PAGKAMAKASALANAN NG SANLIBUTAN

Marami sa mga hindi nakakikilala kay Jesus at nag-iisip na ang tao ay likas na mabuti ay nagtatanong, “Paano magagawa ng isang mapagmahal na Diyos ang ipadala ang mga tao sa impiyerno?” Subalit gaya ng nakita natin sa unang kabanata, ang kabutihan na nilikha ng Diyos ay nadungisan ng kasalanan ng tao. Sa oras na makita natin ang ating pagiging makasalanan, at kung gaano kabanal ang Diyos, tayo ang magtatanong, “Paano magagawa ng isang banal na Diyos na papasukin ang mga makasalanang tao sa langit?”

1. Ano ang pundasyon ng paghahari ng Diyos?

   Mga Salmo 89:14 ______________________________

2. Ano ang ginagawa natin kung sinasabi nating may pakikiisa tayo sa Kanya ngunit *namumuhay naman tayo sa kadiliman*?

   1 Juan 1:6 ______________________________

3. Ano ang ginagawa natin kung sinasabi nating wala tayong kasalanan?

   1 Juan 1:8 ______________________________

Basahin ang Mga Hebreo 10:26-31.

4. Ano ang mangyayari kung patuloy tayong gagawa ng kasalanan pagkatapos nating malaman ang katotohanan?

   Mga Hebreo 10:26,27 ______________________________

   ______________________________

5. Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng *paglapastangan sa Anak ng Diyos at paghamak sa maawaing Banal na Espiritu*?

   Mga Hebreo 10:28,29 ______________________________

   ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

6. Bakit kakila-kilabot ang kahihinatnan ng mga hahatulan ng Diyos na buhay?

   Mga Hebreo 10:30,31 ______________________________

   ______________________________

7. Ano ang ginagawa ng taong matigas ang ulo at ayaw magsisi?

   Mga Taga-Roma 2:5 ______________________________

   ______________________________

8. Ano ang maaasahan ng mga taong ayaw sumunod sa katotohanan ng Diyos?

   Mga Taga-Roma 2:8 ______________________________

   ______________________________

9. Ano ang mayroon ang mga naniniwala kay Jesus? Ano naman ang mayroon ang mga hindi sumusunod kay Jesus?

   Juan 3:36 ______________________________

   ______________________________

10. Paano dapat magsalita at kumilos ang mga naniniwala kay Jesus?

    Santiago 2:12 ______________________________

11. Ano ang mangyayari kung "namumuhay tayo ng mabuti" at "ginagawa natin ang lahat" upang sumunod sa Diyos subalit lumabag tayo sa isa sa mga kautusan?

    Santiago 2:10 ______________________________

Basahin ang Mga Taga-Roma 3:23-26.

12. Ano ang moral na kalagayan ng lahat ng tao?

    Mga Taga-Roma 3:23______________________________

13. Paano tayo ginagawang matuwid ng Diyos?

    Mga Taga-Roma 3:24 ______________________________

    ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

14. Ano ang ipinakita ng sakripisyong kamatayan ni Jesus?

Mga Taga-Roma 3:25,26 ______________________________

______________________________________________

15. Ang Diyos ay hindi lamang matuwid, kundi siya rin ang ______________________ .

Mga Taga-Roma 3:26

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

FOR STUDY PURPOSES

## IKATLONG ARALIN

### ANG PAGHUHUKOM SA MGA MAKASALANAN

1. Ano ang dumarating matapos ang kamatayan?

   Mga Hebreo 9:27 ______________________________

2. Sino ang makakapasok sa kaharian sa langit?

   Mateo 7:21 ______________________________

3. Ano ang sasabihin ni Jesus sa mga tumatawag sa Kanya na Panginoon subalit hindi namumuhay sa ilalim ng Kanyang Pagkapanginoon?

   Mateo 7:22,23 ______________________________

   ______________________________________________

Basahin ang Mateo 25:31-46.

4. Sa araw ng paghuhukom, ihihiwalay ni Jesus ang mga tupa sa mga kambing, o ang mga matuwid sa mga masasama. Ano ang dalawang walang hanggang hantungan matapos ang paghuhukom?

   Mateo 25:46 ______________________________

5. Paano inilarawan ang impyerno sa mga sumusunod na pahayag?

   Mateo 13:41,42 ______________________________

   Mateo 25:41 ______________________________

   Marcos 9:43 ______________________________

   Lucas 16:23,24 ______________________________

   2 Tesalonica 1:9 ______________________________

   ______________________________

6. Sino ang mahuhusgahan sa impyerno?

   Mateo 23:29-33 ______________________________

   Mateo 24:48-51 ______________________________

   Juan 3:36 ______________________________

   Mga Taga-Roma 2:8 ______________________________

   ______________________________

   Pahayag 20:15 ______________________________

   Pahayag 21:8 ______________________________

   ______________________________

7. Ano ang itinuturo ng mga sumusunod na pahayag sa Kasulatan tungkol sa takot sa Diyos?

   Deuteronomio 10:12______________________________

   Ang Mangangaral 12:13______________________________

   Isaias 8:13______________________________

   Mateo 10:28______________________________

FOR STUDY PURPOSES

Lucas 1:50________________________________________

Mga Gawa 10:35____________________________________

Itinuturo sa Bibliya na ang Diyos ay mapagmahal, mabait, at maawain. Subalit Siya din ay banal at makatarungan. Ito ang dahilan kung bakit tayo ay inutusan na katakutan Siya. Nangangahulugan ito na dapat natin Siyang ituring nang may paggalang at pagkamangha. Hindi natin kinatatakutan ang Diyos dahil Siya ay pabago-bago o kaya ay hindi maaasahan. Ito ay malayo sa katotohanan! Laging ibinibigay ng Diyos ang Kanyang awa sa mga taong may takot sa Kanya (Lucas 1:50).

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay? Paano ka *namumuhay araw-araw nang may takot sa Diyos*?

FOR STUDY PURPOSES

## IKA-APAT NA ARALIN

### ANG PAGHUHUKOM SA MGA MANANAMPALATAYA

Ang lahat ng magsisisi sa kanilang mga kasalanan at magtitiwala kay Cristo ay makakasama Niya sa paraiso magpakailanman. Dahil ang Diyos ay makatarungan, tayo ay hindi mahahatulan kasama ng mga namatay nang wala kay Cristo. Subalit ang itinayo natin sa ating buhay ay mahuhusgahan, hindi upang pagpasyahan ang ating patutunguhan sa habang buhay, kundi para pagpasyahan ang ating walang hanggang gantimpala.

1. Ano ang ginagawa ni Jesus para sa atin?

   1 Tesalonica 1:10 ______________________________

2. Ano ang sinabi ni Pablo sa mga mananampalataya sa Roma?

   Mga Taga-Roma 14:10-12 ______________________________

   ______________________________

3. Ano ang sinabi ni Pablo sa mga mananampalataya sa Corinto?

   2 Corinto 5:10 ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

Basahin ang 1 Corinto 3:9-15.

4. Ano ang susubukin sa apoy sa Araw ng Paghuhukom?

   1 Corinto 3:13 ______________________________

5. Ano ang matatanggap natin kung ang mga itinayo natin ay hindi masusunog?

   1 Corinto 3:14 ______________________________

6. Ano ang mangyayari kung ang mga itinayo natin ay masusunog?

   1 Corinto 3:15______________________________

   ______________________________

7. Ano ang sinabi ni Santiago tungkol sa paghatol sa mga espirituwal na pinuno?

   Santiago 3:1 ______________________________

8. Ano ang sinabi ni David tungkol sa kamatayan ng mga tapat na mamamayan ng Panginoon?

   Mga Salmo 116:15 ______________________________

9. Ano ang sinabi ni Juan tungkol sa kamatayan ng isang mananampalataya?

   Pahayag 14:13 ______________________________

FOR STUDY PURPOSES

10. Ano ang dapat nating paniwalaan tungkol sa Diyos?

    Mga Hebreo 11:6 ________________________________________

Sa 1 Corinto 9:24-26, inihambing ni Pablo ang buhay Kristiyano sa isang *Olympic race*, na nangangailangan ng tibay at disiplina.

11. Ang mga manlalaro noong sinaunang Roma ay nakikipaglaban para sa korona na gawa sa nabubulok na mga dahon at baging. Anong klaseng korona ang pinaghahandaan ng mga Kristiyano?

    1 Corinto 9:25 ________________________________________

12. Ano ang mga naisip ni Pablo tungkol sa posibilidad na makapasok siya sa langit (sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos) ngunit hindi *makatanggap ng gantimpala*?

    1 Corinto 9:26-27 ________________________________________

    ________________________________________

    ________________________________________

FOR STUDY PURPOSES

13. Ano *ang kagalakan at gantimpala* ni Pablo?

    Mga Taga-Filipos 4:1 ________________________________________

14. Ano ang *pag-asa, kagalakan, at karangalan* ni Pablo?

    1 Tesalonica 2:19 ________________________________________

15. Sino ang magagantimpalaan ng *korona ng katuwiran*?

    2 Timoteo 4:7,8________________________________________

16. Sinabi ni Pablo na ang *korona ng katuwiran* ay para sa mga nananabik sa pagbabalik ni Jesus. Ayon kay Pedro, paano dapat mamuhay ang mga *naghihintay sa pagdating ng araw ng Diyos*?

    2 Pedro 3:11,12 ________________________________________

17. Anong gantimpala ang ibinibigay ng Diyos sa mga nananatiling *matatag sa gitna ng mga pagsubok*?

    Santiago 1:12 ____________________

18. Gaano tayo dapat katapat upang matanggap natin ang *buhay na walang hanggan*?

    Pahayag 2:10 ____________________

19. Ano ang dapat nating gawin upang matanggap natin ang premyo?

    2 Timoteo 2:4,5 ____________________

    ____________________

20. Anong mga gawain ang ipinangako ng Diyos na Kanyang gagantimpalaan?

    Mateo 6:3,4 ____________________

    Mateo 6:6 ____________________

    Mateo 6:16-18____________________

21. Inilarawan sa Pahayag 4 ang apat na buhay na nilalang, na umiikot sa trono ng Diyos habang sumasamba sa Kanya araw at gabi. Ano ang ginagawa ng mga nilalang na ito mula sa langit sa kanilang mga korona?

    Pahayag 4:9,10 ____________________

22. Bakit karapat-dapat ang Diyos na tumanggap ng mga korona natin?

    Pahayag 4:11 ____________________

    ____________________

FOR STUDY PURPOSES

## Pagsasapamuhay at Pagsasa-isip

Ano ang natutunan mo sa araling ito? Paano mo ito maisasapamuhay?

FOR STUDY PURPOSES

What will our movement look like
100 years from now?




stevemurrell.com

To order copies, email orders@everynation.org.ph

FOR STUDY PURPOSES

WHAT'S NEXT IN YOUR DISCIPLESHIP JOURNEY?

# ESTABLISH

## biblical foundations

FOR STUDY PURPOSES

1. Continue to read your Bible and do what it says.
2. Be part of a Victory group and be involved in your church community.
3. Attend a class on *The Purple Book*.

EMPOWER → ENGAGE → **ESTABLISH** → EQUIP → EMPOWER